UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JAN 23 1957

MAGASIN NG
BAGONG Buhay
ENERO 27, 1957



Sina Corazon Rivas at Zaldy Zshornack, sa isang tagpo ng pag-iibigan sa "BAKASYON GRANDE" ng Larry Santiago Productions. (Larawang kuha ng Tropicana).

# DALISAY ★ PEBRERO 3-12



**ISANG MAKAPANGYARIHANG KASAYSAYAN NG PAG-IBIG AT PANLILINLANG**


**Isa Pang Madulang Tagumpay Ng LVN!**

**ARMANDO GOYENA**
**EMMA ALEGRE**
**CARMENCITA ABAD**



# Dalawang INA

*HANGO SA SERYE SA LIWAYWAY*



KA—BITUIN

**MILAGROS NAVAL ★ VIC SILAYAN**

KASAYSAYAN AT DIREKSIYON:
SUSANA C. DE GUZMAN

MUSIKA:
F. BUENCAMINO, Jr.

LVN PICTURES

*ABANGAN ANG:*

## *"FLYING CADET"*

KASAYSAYAN AT DIREKSIYON:
JOE CLIMACO

JAIME DE LA ROSA ★ DELIA RAZON
REBECCA DEL RIO ★ WILLIE SOTELO

MUSIKA:
JUAN SILOS, Jr.

KASAMA SINA:
JOSEPH DE CORDOVA   OSCAR KEESEE   OSCAR OBLIGACION   ARTURO MORAN
PRISCILLA RAMIREZ   PIANING VIDAL   CITA DELLA

*Isang Dula Ng Pakikipagsapalarang Likha Ng* LVN *-- Nagtatampok Sa Hukbong Panghimpapawid Ng Pilipinas*

# Ayon sa Kanila...

Nakapanood kami kamakailan ng palabas-tanghalan sa isang dulaan. Kung sabagay ay maganda at talagang nakaaaliw, nguni't isang bagay lamang ang aming napansin. Sa palabas na iyon ay nagsisiganap ang mga babaing halos "hubad" na at sadyang ipinakikita yata o ipinaaaninag ang kabuuan ng katawan.

Bakit pinahihintulutang makapagtanghal ng gayong palabas ang ating mga dulaan? Sa palagay namin ay hindi na iyan kabilang sa tinatawag na sining. Sapagka't sa halip na makapagpalawak ng isipan at makaaliw lamang ng damdamin ng isang nanonood ay nagbubuyo pang magkasala ang isang tao, kung hindi man sa gawa ay sa paningin o sa isip. Walang kabutihang maidudulot sa bayan ang ganyang mga palabas, kaya sa ganang amin ay dapat nang itigil, o dili kaya'y kusang huwag panoorin ng mabubuting mamamayan. —Regina H. Wilado, Kamuning, Q. C.

---

Panahon na naman ng kampanya ng mga kandidato. At panahon na naman ng mga pangangako sa bayan: lulunasan ang suliranin sa kawalang-hanapbuhay, pabababain ang halaga ng mga bilihin, pagagandahin ang mga bayan at lunsod, pauunlarin ang industriyang pilipino... at kung-anu-ano pang magagandang bagay o hakbang sa kapakanan ng bayan.

Nguni't, pagkatapos ng halalan, ang lahat ay mga "pangakong napapako" lamang, at ang mga taong-bayan ay naiiwang nangakatunganga. —Jose F. Reyes, Lukban, Quezon.

---

Kailan kaya mauuwi sa kamay ng mga Pilipino ang mga pangunahing kalakal at pagkabuhay na halos hawak na lahat ng mga dayuhan? Sa palagay namin ay hindi na... maliban kung puspusang harapin ng pamahalaan ang bagay na iyan. Nguni't kailan...? —Silvestre Paitoni, Malolos, Bulakan.

---

Patuloy pa ring nagaganap sa iba't ibang pagkakataon ang malimit na pagliligalig ng mga kabataan. Sa palagay namin ay hindi na maitutuwid ng landas ang mga kabataang iyan maliban kung gumawa ng mahihigpit na hakbang ang pamahalaan, sa tulong ng mga guro at ng mga magulang na rin na siyang higit sa lahat ay makaaakay sa ikatitino ng maraming kabataan. —Myrna Z. de los Santos, Pagsanhan, Laguna.

---

Hindi ko malaman kung bakit sa tuwing nalalapit ang halalan ay nagsisimula namang magtuligsaan at "mag-atakehan" ang mga pulitiko. Tutoo, na kahit sa anong panahon ay hindi nawawala ang pagtutuligsaan ng mga pulitikong magkakalaban ang partido. Nguni't ang sinasabi ko, nagiging mainit ang pagtutuligsaang iyan kung malapit na ang halalan, at ang mga "baho" at "kasamaan" ng isa't isang pulitikong naghahangad na kumandidato o muling kumandidato ay sumisingaw na lahat, gayong ni hindi nababanggit at nananatiling lihim sa mahabang panahon.

Dahil sa katotohanang iyan, naniniwala kaming maging ang mga tinutuligsa at tumutuligsa ay hindi rin masasabing "malilinis". Sapagka't kung sadyang malinis ang nanunuligsa o nagbubunyag ng mga "kabulukan" ng isang pulitiko, ay ibubunyag agad sa simula pa at hindi hihintaying kung ganito lamang panahong malapit na ang halalan ibubunyag sa bayan. Lumalabas na may mga pansariling hangarin lamang ang mga kinauukulan, at hindi sadyang nais na maging malinis o tumulong sa paglilinis ng ating pamahalaan. —Teofilo Wo. Dilena, Sampalok, Maynila.


**Gawing ganap ang araw**



**Bayaan ang Coca-Cola na gawin kayong**

**PINAKAMASIGLA**

**Sa pagkukumpuni ng layag o sa pagganap sa larong hilig ninyo, ang araw ay magiging ganap kung sandaling magpapahingalay na may Coca-Cola. Sa kabayanan o karagatan man ay walang nakakatulad ang nakapagpapasiglang linamnam nito. Kayo'y magbabalik sa paglalaro o paggawa na may panibagong sigla. Ngayondin, magpasinaya sa isang bote ng "nakagigising" na Coca-Cola!**

Continuous Quality
DRINK Coca-Cola
30th ANNIVERSARY IN THE PHILIPPINES 1927-1957

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA San Miguel Brewery







Kahit magsingdami halos ang bilang ng tao at ng mga manok sa daigdig, tinatayang isang itlog lamang sa dalawa o tatlong araw ang magiging rasyon ng isang tao, kung ang lahat ng itlog ay kinakain. Ito'y dahil sa pangyayaring mahina ang produksiyon ng itlog.

Ang itlog ay nagtataglay ng halos lahat nang mahahalagang sangkap sa pagkain kaya't ang produksiyon nito ay pinauunlád ng pamahalaan, ng mga samahang pribado at ng mga ahensiyang pandaigdig.

Noong 1950 ay natuklasan ang **Aurofac**, dagdag na sangkap sa patuka sa manok na binubuo ng **aureomycin, antibiotic** at Bitamina B-12.

Tinatayang kapag ipinatuka ang Aurofac sa lahat nang inahing manok, mararagdagan ng máy 160 milyong itlog, sa isang araw, ang produksiyon sa daigdig. Ito'y sapat nang magdulot ng isang itlog, araw-araw, sa bawa't tao.

Ang dami ng Aurofac na ipatutuka sa inahin ay nababatay sa kundisyon ng manukan at sa paraan ng pagpapatuka. Nguni't humigit-kumulang, ang pinakamabuting rasyon nito ay 200 gramo sa bawa't tonelada ng patuka.


Si Dr. Irving P. Delappe, Direktor sa Pagmamanukan ng American Cyanamid Company, ay nagsabing, kapag ipinatuká sa mga manok ang Aurofac, pumipigil ito sa mga sakit, nagpapadali ng paglaki, nagpapataas ng timbang, at nagpapadali sa panahon ng pangingitlog.

Maraming bansá na ang lumilikha at gumagamit ng Aurofac, at higit na nagiging kasiya-siya ang pagmamanukan ng mga gumagamit nito, bukod sa nagtatamo ng ibayong pakinabang.

Ang Aurofac ay sadyang isang dakilang tuklas para sa ikauunlad ng pagmamanukan sa daigdig!



Sa tulong ng Aurofac, makakayanan ng dalawa katao, tulad ng na sa larawan sa dulong itaas, ang pag-aalaga kahit na sa 40,000 manok. Bukod diyan, nagpapatuloy sa masaganang pangingitlog ang mga inahing manok na pinatutuka ng Aurofac.



Isang awtomatikong makina ang nagsisilid ng Aurofac sa mga supot, handa upang ipamahagi.



Makikita sa larawan ang Pangulong Magsaysay (kalihim pa noon ng tanggulan) nang magtungo sa lunsod ng Bakolod pagkatapos ng "malinis" na halalan noong 1951, upang siyasatin si Gob. Rafael Lacson (gitna) dahil sa pagpatay umano kay Moises Padilla. Si RM ay "niligawan" at nakuha ng mga NP na maging kandidato sa halalan noong 1953 dahil sa kanyang taos-pusong hangarin na maglingkod sa bayan. Nguni't, totoo kayang lumabag siya sa kasunduan...?

# ANG KASALUKUYANG MGA PARATANG SA PANG. MAGSAYSAY...

## TUNGKOL SA MGA "LIHIM NA KASUNDUAN"

NAGIMBAL ang bucng bansa may ilang linggo na ngayon ang nakaraan nang malathala sa mga pahayagan na ang Pangulong Magsaysay ay lihim na nakipagkasunduan sa mga lider ng oposisyon (Liberal) na ang mga ito'y tatanggap ng mga "biyaya" mula sa kanya, bilang kapalit ng mga pangako ng mga lider ng minorya, na nilalaman ng isang resolusyon, na sila'y tutulong sa pamahalaan sa paglutas ng mga suliranin ng bayan, lalo na ang mga nauukol sa kabuhayan.

Lalo nang nagulat ang mga mamamayan, nang muling malathala sa mga pahayagan na ang Pangulo ay lumabag umano sa isa ring "lihim" na kasunduan na nilagdaan niya noong siya'y isa pang kagawad ng partido Liberal, upang siya'y maging kandidato opisyal sa pagka-Pangulo ng lapiang Nasyonalista. Ang nagbunyag na ang Punong Tagapagpaganap ay lumabag sa kasunduan ay si Senador Claro M. Recto (NP), isa sa mga kasama ng Pangulong Magsaysay na lumagda sa dokumento.


Nang mabunyag na ang Pangulo ay "lihim na pumayag" na magbibigay ng mga kaluwagan sa mga lider ng oposisyon bilang "kabayaran" ng lapiang Nasyonalista ay para-parang nagitla at nangamba na ang mga kalaban nila sa politika


WALA NA ANG AKING DI' PAGKATUNAW!



AKO'Y LAGING UMIINOM NG
Phillips' Milk of Magnesia

Dahil sa nagdudulot ng **ganap na ginhawa** kaysa laksanteng iisa ang hangarin. Ang Phillips Milk of Magnesia ay kapwa nilulunasan ang di natutunawan at pangangasim ng sikmura. 2 hanggang 4 na kutsara ng Phillips Milk of Magnesia na inumin bago matulog ay malumanay na nagkakabisa — kaya, sa kinaumagahan, sisimulan ninyo ang araw na may kahanga-hangang pakiramdam. Laging maglaan ng Phillips Milk of Magnesia.




BANAYAD SA MGA BATA
GANAP ANG BISA SA MGA MATANDA!

PHILLIPS'
MILK OF MAGNESIA
Ea. fl. oz. contains 34 to 40 gr. Magnesium Hydroxide. 20-4



Sen. Lorenzo M. Tañada (CP)
"Lumabag si RM sa kasunduan niya sa NP"

ay makapasok sa loob ng pamahalaan sa pamamagitan ng "pintuan nito sa likod."

Dahil dito, ang matatandang lider ng mayorya, sa pangunguna ni Eulogio Rodriguez, pangulo ng senado at ng partido, ay nagtungo sa Malakanyang upang tanungin ang Pangulo kung tutoo ang mga balita. Ayon ka[illegible] Rodriguez, inamin n[illegible]ong Tagapagpaganap na totoong tinanggap niya ang pangakong tulong ng mga lider ng oposisyon, nguni't hindi siya "nangako" na "babayaran" niya ang tulong na yaon.

Gayon man, may mga lider ng partido na naniniwalang ang Pangulo ay dapat tumanggi sa alok na tulong ng minorya, at sa halip ay anyayahan ang mga ito na sumapi sa mayorya, kung sila'y tunay na may hangaring tumulong sa lapiang nakararami sa paglutas sa mga suliranin ng bansa. Bukod dito, ang ibang lider ng mayorya ay naniniwala rin na ang ginawang pagtanggap ng Pangulong Magsaysay sa pangakong tulong ng oposisyon ay isang pag-anim na ang mga suliranin ng bayan na binabanggit sa resolusyong pinagtibay ng mga lider ng minorya, at siyang dahilan ng pagaalok nila ng tulong, ay talagang mayroon, at marami, at ang lapiang Nasyonalista, sampu ng administrasyon, ay "walang nagawa" sa loob ng halos apat na taong pagpapalakad ng gobyerno.

Ang nilalaman ng resolusyong pinagtibay ng mga lider ng oposisyon ay ang sumusunod:

"Bilang sagot sa pakiusap ng Pangulo ng bansa, na ginawa noong Bagong Taon, para sa isang magkasanib na kilusan ng lahat nang mga mamamayan sa buong bansa upang harapin ang di pangkaraniwang kalagayan ng daigdig sa kasalukuyan na siyang nagpapasama sa kalagayan ng ating pambansang kabuhayan at sa pamumuhay ng mga taong-bayan —kaming kagawad ng Kongreso na kasapi sa partido Liberal, na nagtipon sa isang kaukus, ay nagpatibay ng resolusyong ito na nangangako ng aming tulong sa paglikha ng mga paraan at panukala na magiging kapaki-pakinabang para sa kapakanan ng bansa, ayon sa mga patakaran ng partido Liberal na, nilalaman ng plataporma nito, upang—

1. Matiyak na ang gobyerno ay kikilos nang tumpak upang mapaglingkuran at matugunan ang kailangan ng mga mamamayan;

2. Mapatigil ang pagtaas ng halaga ng pamumuhay, sapagka't ito ang malakas na puminsala sa maliliit na manggagawa;

3. Maituwid ang ano mang lisyang takbo sa pamahalaan, sa pakikitungo nito sa mga taong bayan, na siyang nagiging dahilan ng "paboritismo" at siyang nagbibigay pagkakataon upang ang ilan ay makapagtatag ng sindikato at magsiyaman sa pangangalakal, laban sa kapakanan ng mga taong bayan;

4. Mapabilis ang paglikha ng mga gawain sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga industriya at iba pang negosyo na magiging kapaki-pakinabang sa pambansang kabuhayan, gayundin ang pagtatayo ng mga proyektong pambayan na di kailangan ang kapital;

5. Paunlarin ang ating pakikisamang diplomatiko sa mga bansa sa Malayang Daigdig, sapagka't ito'y may kaugnayan sa pangangalaga at pagtatanggol ng ating bansa at sa pagpapanatili ng ating kapaniwalaang demokratiko, na siyang sandigan ng plataporma ng partido Liberal; at

6. Magpatibay ng mga bagay-bagay na pakikinabangan ng mga mamamayan, nang walang kahalong politika—

Sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga sumusunod na paraan;

UNA — Pagbibigay — sigla sa industriya ng bansa at pagpapababa ng halaga ng mga pangkagipitang kalakal, inangkat o yari rito sa ating bansa, lalo na yaong mga kailangan ng maliliit na mamamayan, upang bumaba ang halaga ng pamumuhay;

PANGALAWA — Dagling pagsasagawa ng mga kinakailangang pagbabago sa mga tanggapan ng pamahalaan, lalo na yaong mga may kinalaman sa malayang pagdaloy ng mga kalakal na pangkagipitan, palabas o papasok man sa bansa, pamamahagi ng tulong, pagbibigay — sigla sa mga kapaki-pakinabang na proyekto, paglikha ng mga pagkakataon upang mabigyan ng gawain ang mga walang hanapbuhay, pagbibigay — lakas sa pambasang kabuhayan at pagpapaunlad ng mga gawaing pambayan, sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga tauhang walang kaya, "marumi" at pabaya, at mapalitan ng mga "tapat" na taong ang layunin ay makapaglingkod sa bayan.

Ang resolusyong ito ay ginawa namin dahil sa paniniyak ng Pangulo na isasakatuparan kaagad upang mahinto ang masamang takbo ng kabuhayang pambansa, na siyang sumisira sa paniniwala ng mga taong-bayan sa pamahalaan, at upang maiwasan ang ano mang sakunang maaaring bumagsak sa pambansang kabuhayan, at sa gayo'y mapatibay ang katayuan ng pangasiwaan at maging pangmatagalan ang kanyang magagandang panukala para sa mga taong-bayan.



Kgg. Eulogio Rodriguez, ama (NP)
"Kung nais tumulong, ng mga LP, sumapi sila sa NP"



Gob. Eliseo Quirino (LP)
'Lahat ng maka-RM ay dapat umalis sa LP"


Kung hindi makapagsipilyo matapos kumain
Sapat na ang Minsang *Pagsisipilyo* ng

**COLGATE DENTAL CREAM**

✓ Laban sa Pagkabulok ng Ngipin sa Maghapon!
✓ Pinapawi ang Masamang Hininga Agad-agad!
✓ Pinananatiling Maganda't Malinis ang Ngipin!




may GARDOL ✦
Tatak ng Colgate ukol sa sodium N-Lauroyl Sarcosinate

itinatagubilin ng PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION

PINABABANGO ANG INYONG HININGA HABANG PINANGANGALAGAAN ANG INYONG NGIPIN!

Sa pagpapatibay ng pambansang lupon ng partido Liberal, kami, mga kinatawan ng lapian sa kongreso, ay gumawa ng resolusyong ito dahil sa mga nasabing kadahilanan at pangangailangan at sa kapakanan ng mga mamamayan, at ito'y hindi pansamantala lamang kundi isang pangmatagalang gabay sa aming pagkilos sa mga darating na araw.

Isinagawa sa lunsod ng Maynila, sa ika-5 araw ng Enero, 1957.

Pinagtibay at nilagdaan ng mga kagawad ng partido Liberal na na sa Kongreso, at pinagtibayan ng mga kagawad ng pambansang lupon.

(Lagda) SEBASTIAN C. MOLL

Kalihim Pangkalahatan, Partido Liberal

Nagpapatunay:

CORNELIO T. VILLAREAL

Pinuno, Pambansang Lupon

Ayon sa mga huling ulat sa senado, ang mga lider ng lapiang Nasyonalista ay maghahain ng kahilingan sa Pangulo na pawalang-halaga ang resolusyon at tanggihan ang alok na tulong mga lider ng minorya, sapagka't ang dokumento ay lubhang "malaman" at maraming bagay na di kanais-nais lalo na ang nauukol sa paglutas sa mga suliranin ng pamahalaan, at humihinging palitan ang "di-karapat-dapat" na pinuno ng pamahalaan ng mga "tapat" at walang layunin kundi ang makapaglingkod sa bayan. Sinabi ng ibang matatandang lider ng partido Nasyonalista, na ito ang "butas" upang maipasok lamang ng mga Liberal ang kanilang mga tauhan sa mga tanggapan ng pamahalaan, sa ilalim ng "pagkukunwaring" nais nilang maglingkod sa bayan.

Sa kabilang dako, ang nabunyag na "lihim na kasunduan" ng Pangulong Magsaysay at ng matatandang lider ng mayorya, ay hindi umaayon sa mga tuligsa ni Senador Recto at sa paratang na nilabag ng Punong Tagapagpaganap ang mga pasubali sa nasabing dokumento. Ayon kay G. Recto, ang kasunduan ay "nagbabawal" sa muling "paghabol" ng Pangulo sa pinakamataas na tungkulin ng bansa pagkatapos niyang manungkulan ng apat na taon. Nguni't nang ilabas ni Senador Lorenzo Tanada ang dokumento, ay wala namang binabanggit na gayong pasubali.

Sa pakikipanayam ni Senador Tanada sa mga mamamahayag, pagkatapos niyang ilabas ang "lihim" na kasunduan, ay sinabi rin niya na wala siyang nalalaman tungkol sa umano'y pagsang-ayon ni G. Magsaysay na minsan lamang siya kakandidato sa pagka-Pangulo, at sa pambasang halalan sa 1957, ay ipauubaya na niya ito sa ibang lider ng partido.

Ang isang bagay lamang na nakasisirangpuri umano kay G. Magsaysay ay ang nilagdaang sertipiko sa pagsapi sa lapiang Nasyonalista noong Enero 17, 1953, nang ang Pangulo ay isa pang Liberal at kagawad ng gabinete ng yumaong Pangulong Elpidio Quirino. Nguni't, ayon naman sa Pangulo at sa Pangulong Rodriguez ng senado, ang Punong Tagapagpaganap ay sumapi sa partido Nasyonalista noong Marso 9, 1953, nang siya'y lumagda sa isang sertipiko sa talaan ni Senador Jose P. Laurel, ama, Si G. Magsaysay ay nagbitiw sa kanyang tungkulin sa gabinete at tumiwalag sa partido Liberal noong Pebrero 28, 1953, kaya noong Marso 9, 1953, siya'y malaya na upang sumapi sa lapiang Nasyonalista.

Gayon man, sinabi ni G. Tanada na ang unang nilagdaang sertipiko ni G. Magsaysay ay siyang opisyal na dokumento sa pagsapi sa partido Nasyonalista, at ang pangalawa ay isang "pakitang tao" lamang upang "matakpan" ang ginawa niyang maruming pakikisapi sa lapian samantalang siya'y kagawad pa ng kalabang partido.

Ayon kay Pangulong Rodriguez, ang lihim na kasunduang nilagdaan nina G. Magsaysay, Tanada, Laurel, ama, at Recto noong Nobyembre 20, 1952, ay isang dokumento lamang na panghahawakan ng mga lider ng partido upang kung mahalal si G. Magsaysay ay hindi niya maaaring isaisantabi ang lapian at ang mga lider nito na tumulong sa kanya upang matamo niya ang pinakamataas na tungkulin sa bansa. Dahil sa ang Pangulo ay hindi naman lumabag sa ano mang pasubali mula nang gawin ang kasunduan, ang dokumento ay wala nang saysay ngayon, ani Rodriguez, sapagka't pinatunayan ni G. Magsaysay na matapat siya sa paglilingkod sa bayan.

Dahil sa mga bagay na iyan, lumilitaw na ang nilalaman ng kasunduan ay isang paraang "maitali" lamang si G. Magsaysay ng mga lider ng Nasyonalista at Citizens Party, sapagka't ang mga pasubali bilang 1 hanggang 4 ng nabanggit na kasunduan ay pawang tungkol sa politika, katulad ng — kung ialok kay G. Maysaysay ng partido Liberal ang nominasyon ng lapian bilang kandidato opisyal nito sa pagka-Pangulo, ay tatanggihan niya, at wala siyang kapangyarihan sa pagpili ng kanyang magiging katambal sa pagkandidato niya, sapagka't ang pipili ng kandidato sa pagka-Pangalawang Pangulo ay ang mga lider din ng pinag-isang lapian ng NP at CP. Subali't ang ipinipilit lamang ni Tanada, na umano'y pasubaling nilabag ng Pangulo, ay ang ika-5, na nagsasabing kung mahalal si G. Magsaysay ay hindi siya kukuha ng mga tauhang magiging kagawad ng gabinete nang walang pahintulot ang mga pinuno ng NP at CP. Ayon kay G. Tanada, ang Pangulo ay kumuha ng mga tauhan para sa kanyang gabinete nang hindi man lamang sumangguni sa matatandang lider ng partido.

Bukod sa nabanggit na ika-5 pasubali at sa sinasabing petsa ng pagsapi ni G. Magsaysay sa partido Nasyonalista, ay wala nang mapalitaw na ibang "katiwalian" sa unang "lihim" na pakikipagkasunduan ng Pangulo sa isang samanhang politika.








Kong. Cornelio T. Villareal (LP)
"Makiisa sa NP sa paglutas ng suliranin ng bansa"



Kong. Eugenio Perez (LP)
"Tulungan ang Pangulong Magsaysay"

# Mga Suliranin ng Puso

pitak ni M.S.T.

BINIBINING MARISSA: Ako po'y isang dalagang may 25 taong gulang. Sa kasalukuyan po'y mayroon akong isang mangingibig na lihim kong minamahal. Sa ganang palagay ko'y sa kanya ko matatagpuan ang kaligayahang inaasam ko sakaling ako'y "lumagay na sa tahimik." Mapagmahal siya, maunawain at mabait. Sa tuwing nagkakasarilinan kami'y wala siyang laging iniluluhog kundi ang kanyang tapat na hangarin sa akin. Ako po naman ay lihim na nahahabag sa kanya nguni't hindi ko siya mabigyan ng tiyak na katugunan sa dahilang ako'y nag-aalinlangan dala ng kabataan niya ng gulang sa akin. Siya po'y 23 taong gulang lamang at ito po ang laging pumipigil sa akin upang siya ay sagutin ko.

Mayroon pong ibang lumiligaw sa akin na nakahihigit sa akin ng gulang datapwa't sa palagay ko'y hindi siya ang uri ng lalaking makapagpapaligaya sa akin. Hindi ko siya iniibig. Ano po kaya ang mabuti kong gawin? Tapatin ko na po kaya ang lalaking una kong binanggit o tanggapin ko na itong huli? — SUSANA.

MAHAL KONG SUSANA: Sa ganang palagay ko'y hindi isinasaalang-alang ang gulang sa ngalang pag-ibig. Sa halip, ang hinahanap ng bawa't isa, kung talagang may balak nang lumagay sa tahimik, ay ang tagumpay at kaligayahan sa pag-aasawa. Kung inaakala mong higit kang liligaya sa unang lalaking binanggit mo ay bakit mo ipagsasapalaran ang iyong kinabukasan sa lalaking inaakala mong hindi makapagdudulot sa iyo ng kaligayahan sa dahilan lamang na ang una mong binanggit na talisuyo ay may kabataan sa iyo ang gulang? Bukod dito'y hindi na tutoong malaking agwat ang kabataang dalawang taon. Kaya ang maipapayo ko sa iyo, kung talagang mahalaga sa kalooban mo ang una mong binanggit, at inaakala mo ring tapat siya sa kanyang hangarin sa iyo, ay tapatin mo na siya. Baka sa katagalan ng panahon ng kanyang pagluhog na hindi mo siya binibigyan ng katiyakang sagot ay abutin siya ng panghihinawa at ihanap ng kalutasan ang kanyang suliranin sa iba. Ito lamang, Susana, at umaasa akong nasisiyahan ka sa ibinigay kong paliwanag. — MARISSA.

BINIBINING MARISSA: Ako po'y may 30 taong gulang na, binata, may tiyak na hanap-buhay at nagbabalak na sa malao't madali ay lumagay na sa tahimik. Ako po'y labis na nahuhumaling sa isang dalaga at may isang taong mahigit nang kami'y magkatipan. Kamakailan lamang ay ipinagtapat niya sa akin na nagkaroon siya ng mapait na karanasan sa kanyang naging kasintahan. At ito po ang dahilan kung bakit labis-labis ang kanyang pagsisisi sa ngayon. Sa kabila po ng lahat ay minamahal ko pa rin siya. Tama po bang magpatuloy pa rin ako ng pakikipagibigan sa kanya sa kabila ng lahat? — FRANCO

FRANCO: Kung sa palagay mo'y maaari mo siyang patawarin sa kanyang nagawang kamalian, lalong mabuti ang sabihin mo sa kanya at tapatin mo siyang handa ka hindi lamang sa pagpapatawad, kundi sa paglimot sa nakaraan. Inaasahan 'tong siya'y magiging karapat-dapat sa iyong pagmamahal at pagtitiwala. Kung hindi niya minamahalaga ang iyong pagmamahal ay hindi siya magkakaroon

(Buklatin sa p. 20)

NAPATUNAYANG PAGSUBOK!



BAGONG TABLETANG MABILIS NA NAGDUDULOT NG GINHAWA UKOL SA SAKIT NG ULO, SIPON, PANANAKIT NG KALAMNAN, KASUKASUAN AT TRANGKASO!




Kapagkayo'y lumunok ng pamawi ng kirot na kailangan dumaan sa sarahan ng sikmura bago makabuti, ang pagkakamit ng ginhawa ay naantala hanggang sa magbukas ang sarahan. Napagalaman ng mga manggagamot na ang ilan sa mga sangkap ng karaniwang pamawi ng kirot ay binabalam ang pagdaan sa paligid ng sikmura.




Datapwa't paglunok ninyo ng may tatluhang bisang **CAFIASPIRINA**, ang pagkabalam ay napaparam. Ang mga katibayan sa panggagamot ay nagpapatunay na sa sandaling magsimulang malusaw ang tabletang **CAFIASPIRINA** sa tiyan, ang bisa ay lumalagos sa paligid ng sikmura at sinusugpo ang kirot saan man nagmumula.

BAGONG PORMULA | MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

tuwirang lumalagos ang bisa sa Paligid ng Sikmura!

...sinusugpo ang kirot saan man nagmumula!

ANG TATLONG KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" NG CAFIASPIRINA AY NAGDUDULOT SA INYO NG

3 Ulit ng bisang pamawi-ng-kirot ng aspirin!

WALA NG MAKAKAPARIS SA BAGONG PORMULANG MAY TATLUHANG BISANG CAFIASPIRINA UKOL SA DAGLI, HIGIT NA MATAGAL NA GINHAWA.

Alalahanin, ang **CAFIASPIRINA** ay nagdudulot hindi lamang isa kundi dalawang dagling nagkakabisang pamawi ng kirot, at may pangatlo pang sangkap na nagbibigay sigla, pinapawi ang panghihina, na malimit kaagibat ng kirot. Ang tatlong-sangkap na ito'y sabay-sabay na nagkakabisa. Bago ninyo malaman, ang kirot ay napawi na pati ng nakababagabag na kaagibat nito.

PATUNAYAN NINYO SA INYONG SARILI. Pagnakaramdam ng kirot, hingin ang pinakamabilis na nagpapaginhawa. Subukin ang may tatluhang bisang Cafiaspirina ngayon, ukol sa dagli, banayad, tiyak na ginhawa sa sakit ng ulo, sipon, at trangkaso.




BAGONG PORMULA | MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

42-2

3 KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!

Each tablet contains Acetylsalicylic Acid .380 Gm.; Phenacetin .075 Gm.; Caffeine .025 Gm.

# Moda

*pitak ni marissa*

(Kagandahang-loob ni ELENA BALMORI








*mga larawang kuha ng TROPICANA*

# Sining Ng Kasiya-siyang Pamumuhay

ni Maria Salome Tonsay

## ANG DIBORSIYO SA PILIPINAS

Ang "diborsiyo" ay hindi mapairal sa Pilipinas dahil sa mataas na pagpapahalaga natin sa kabanalan ng "matrimonyo" o kasal. Bagama't sa panahong ito ay marami nang Pilipino ang sang-ayon sa diborsiyo na laganap sa Estados Unidos, ay mapalad pa rin ang Pilipinas sapagka't hindi mapairal ng kanyang mga batas ang bagay na ito. Higit na nakararaming mamamayan ang salungat dito sapagka't naniniwala pa rin silang ang "tali" na bumubuklod sa mag-asawa ay napakabanal na walang maaaring pumatid maliban sa kamatayan.




Sa pakikipanayam namin sa ilang litaw na mamamayan sa bansa ay nabatid namin ang mga bagay na, ayon sa kanilang kuro-kuro, ay siyang dahilan kung bakit hindi dapat umiral dito ang diborsiyo:

Unang-una, isinasaalang-alang nila ang magiging kalagayan ng mga anak ng mag-asawa. Magiging kahabag-habag ang mga bata kung ang mag-asawa ay nagkakahiwalay. Kapag diborsiyado ang mag-asawa ay nagkakakaroon na ng karapatan ang babae't lalaki na muling pakasal sa kani-kanilang mapusuan. Mahirap ito para sa mga bata, sapagka't ang iba kapag hindi na nila tunay na dugo ay nawawalan ng malasakit, lalona kung mga anak sa una ng kanilang kabiyak. Bukod diyan, ang mga bata ay nangangailangan ng pagmamahal at pag-aaruga ng kanilang mga magulang. Sa maling paraan ng pagpapalaki natututong lumihis sa magandang landas ng buhay ang mga bata. At kapag ang bata ay lumalaking masasama ay walang unang sinisisi kundi ang kanilang mga magulang.

Ikalawa, kapag umiral ang diborsiyo ay maaaring mawala ang pagpapahalaga ng mga nagnanais "lumagay sa tahimik" sa kabanalan ng kanilang haharaping buhay dala ng kanilang paniniwalang mabibigyan sila ng kalayaan ng diborsiyo sakali mang hindi sila magkasundo ng kani-kanilang asawa. Samakatwid, ang banal na paniniwala ng mga kabataan sa pa aasawa, ay maaaring ma. itan ng dahas at pusok ng kalooban, katulad na nga ng malimit nating mabasang malulungkot na kinasasapitan ng mga nagsisipag-asawa sa ibang basang umiiral ang diborsiyo. Lalo na sa nagiging takbo ng kaisipan ng ating mga kabataan sa ngayon, tiyak na magiging parang isang laruan lamang ang pagaasawa para sa kanila. At kapag sumapit na ang ganyang mga pangyayari ay ano ang magiging kinabukasan ng ating bansa?

Sa kabilang dako naman, ang mga pag-aalitan ng mag-asawa ay maaring pagmulan na agad ng tuluyang paghihiwalay kung sakaling ang diborsiyo ay umiral sa Pilipinas. At ang pinakamapait pang maaaring sapitin ng maraming mag-asawa ay ang pagdidiborsiyo agad kahit walang sapat na dahilan. Ito ay hindi malayong mangyari sa maraming mag-asawang Pilipino sapagka't likas sa ating lahi ang pagiging mapusok at ang pagkakaroon ng mataas na pagpapahalaga sa sarili.

Sa panig naman ng ibang mahilig sa pakikipagtalo, maaaring isipin nilang papaano kung talagang kinakailangan sa mag-asawa ang maghiwalay, lalo pa't ang lalaki, halimbawa, ay tutoong malupit at pabaya sa pamilya? Kung talagang walang lalong angkop na hatol sa ganitong mga pangyayari kundi ang paghihiwalay, ang ating mga batas ay nagpapahintulot naman ng "legal na paghihiwalay" o ang **legal separation.** Ito ay iginagawad ng hukuman kung talagang may sapat na dahilan upang papaghiwalayin ang mag-asawa.

Nguni't dito sa Pilipinas ay mahirap yatang mapairal na batas ang diborsiyo sapagka't ang mga mamamayan na rin ang siyang sumasalungat, isa pa'y higit na nakararami ang mga Katoliko sa Pilipinas at ayon sa mga kautusan ng Katolisismo ay "hindi dapat papaghiwalayin ang mag-asawang pinagbuklod sa harap ng Diyos". Dahil diyan, marami ang naniniwalang ang Pilipinas ay mapalad sapagka't sa hindi pag-iral ng batas sa diborsiyo ay naiingatang banal ng mga pamilyang Pilipino ang kabanalan ng pag-aasawa.

———oOo———

## UKOL SA MGA LAGING ABALANG INA NG TAHANAN

Hindi maikakailang maraming ina ng tahanan ang, dahil sa karamihan ng gawain sa bahay, ay nakalilimot na sa mga bagay na nauukol sa kanilang sarili, unang-una na ang pag-aayos ng katawan. Nguni't ito ang pagkakamali ng mga ina, sapagka't sa ganyan ay hindi sila nagiging makatarungan sa kanilang sarili at maging sa kanilang mga mahal sa buhay. Alalahanin sana nilang lagi na ipinagmamalaki ng mga lalaki ang kanilang kabiyak, at ng mga bata ang kanilang ina, kung maingat sa sarili at mukhang kagalang-



galang — alalaong baga ay kung laging maayos ang katawan. At kapag laging kagalang-galang ang ayos ng isang ina, isa itong dahilan sa ikapananatili ng mataas na kalagayan nila sa lipunan, kahit na ang kita ng mag-anak ay katamtaman lamang.

Malaking bagay ang maitutulong sa marami kung pahahalagahan lamang ang paalaalang ito: Ang tao, kahit na anong laki ng suliranin ang pinapasan, ay hindi dapat magpabaya sa katawan. Kung papaano pinahahalagahan ng isang tao ang kanyang sarili ay siya ring pagpapahalaga sa kanya ng iba. Kaya, kung nagpapabaya sa pag-aayos ng katawan ang isang tao, ay malaki ang nagagawang pagkukulang sa kanyang sarili, at sa halip na makatuklas siya ng mabubuting paraan upang malunasan ang mga suliranin sa buhay ay lalo siyang nawawalan ng pagkakataon.

Ang isang ina ay nakapagdudulot ng malaking kaligayahan sa kanyang pamilya kung siya ay laging handa sa pagsalubong sa mga panauhin, kung siya ay nag-uukol ng kauntnig panahon para sa kanyang sariling pagpapaganda.

Ang kasangguni sa pagpapaganda ng Fresco, si Bb. Nena Hermosa, ay

maglalakip ng ilang mga alituntuning dapat sundin ng mga ina upang mapanatili ang kanilang kaakit-akit na ayos nang hindi magigipit sa kanilang tinutupad na gawain sa tahanan.

Una sa lahat ay kinakailangan maingat na pangangalaga sa katawan. Sumusunod ay ang buhok. Kailangan itong malimit na putulan sapagka't ang maiksing buhok ay madaling ayusin bukod pa sa maganda sa paningin. Bago matulog ay maglaan ng ilang minuto upang lagyan ng "pin curl" o "set" ang buhok, bago lagyan ng kinulayang "net". Kinaumagahan, kalagin ang pagkakaayos ng buhok nang sinundang gabi at paraanan ng suklay bago gumawa ng ano mang gawain. Ang ganap na pagaayos ng buhok ay maisasagawa kung nakaalis na ang kabiyak patungong upisina at ang mga anak ay na sa paaralan na.

Ang mga kagamitan sa pagpapaganda ay kailangang naiipon sa isang lalagyan, halimbawa'y kahon ng mesa o tokador, sa isang bandeha o kahit na kahong karton. Sa paraang ito ay nakahanda na ang mga kagamitan sa biglaang paggamit at wala nang panahong masasayang sa paghahanap.

Pag-aralan ang maagang gising. Bago gumawa ng ano man ay kailangang malinis ang damit at sariwa ang anyo sa pamamagitan ng maagang paliligo at pag-aayos ng mukha at buhok.

Ang gawain ay isa nang ehersisyo. Matatamo na rito ang balingkinitang katawan lalona kung gagawa nang magaang ang katawan at mabilis ang pagkilos.

Gumamit ng katamtamang **make-up** upang may magsanggalang sa kutis laban sa dumi. Magpahid din ng kaunting **lipstick** upang hindi magmukhang maputla ang labi.

Kung gumagawa sa kusina ay huwag kaliligtaang gumamit ng **apron** na madaling alisin kung sakaling may dumating na panauhin.

Gumugol ng kaunting panahon (kung wala ang kabiyak), kahit minsan sa isang linggo, upang makapag-**manicure** at **pedicure**.

—oOo—

*PAGTANGGAP SA MGA DUMADALAW NA KAIBIGAN*

*(Kagandahang-loob ni Maria Jale Martinez ng Libby)*

Ang isang tao ay nakapagdudulot ng kasiyahan sa kanyang pagtanggap sa mga dumadalaw na kaibigan kung ang mga ito ay sinasalubong niya nang buong kaluguran. Ang mga panauhing kaibigan ay maaaring dulutan ng inuming pampalamig, kape o kahit na anong abot ng inyong kakayahan, nguni't huwag **magpapasikat** sa pamamagitan ng magugugol na pamatid-uhaw kung hindi kaya ito o magiging sanhi lamang ng di kasiyahan o di pagkapalagay ng mga kaibigan. Ang tapat na pakikipagkaibigan na ipinahihiwatig ng anyo ay siyang pinakamainam na panalubong sa mga nagsisidalaw.

Kahit na may hinanakit sa mga panauhin, hindi na dapat ipahalata sa kanila sapagka't ang gayon ay isang kagaspangan ng ugali. Kung hindi gusto ang isang tao at ito ay dumalaw sa inyo nang hindi inaaasahan, gumawa ng magalang na dahilan upang siya'y iwasan.

Sabihin sa kanya na

(Buklatin sa pah. 20)



Ang pritong manok ay bumabango at higit na nagiging katakamtakam kapag linalagyan sa ibabaw ng lemon na hiniwa nang manipis at kinudburan ng asukal.



**ANG PAG-IBIG SA TINUBUANG LUPA AT PAGMAMALASAKIT SA KABALAT, KAHIT SA ANONG PARAAN ISAGAWA AY KIKILALANIN AT KIKILALANING ISANG KABAYANIHAN**



# ANG DAKILANG PROPAGANDISTA

*Sinulat ni Arturo Ma. Misa*

HINDI ang mga pumalaot lamang sa larangan ng digma at humawak ng tabak ang matatawag na bayani. Mayroon ding mga bayani na kailan man ay hindi humawak ng tabak, nguni't napatanghal na mga dakilang bayani ng lahi na ang mga alaala ay mananatiling buhay sa gunita ng kanilang mga iniwan.

Si Graciano Lopez Jaena ay isa sa mga bayaning iyan. Hindi tabak ang ginamit niyang sandata upang ipakipaglaban ang ating karapatan sa paglaya. Ang ginamit niyang sandata ay ang kanyang panulat at sa pamamagitan ng kanyang mga lathalain ay ipinakipaglaban niya ang ating karapatan tungo sa kasarinlan.

Isinilang si Graciano Lopez Jaena sa bayan ng Jaro, Iloilo noong ika-19 ng Disyembre, 1856. Mula pa sa pagkabata ay inihasik na sa kanyang diwa ng kanyang mga magulang ang gawang kabanalan. Dahil dito ay naisipan ni Graciano ang pumasok sa seminaryo upang mag-aral ng pagpapari.

Noong taong 1878 ay ipinasok si Graciano ng kanyang mga magulang sa seminaryo sa kanilang bayan. Nasinag ng kanyang mga guro na si Graciano ay pakikinabangan kung sakaling makatapos ng pag-aaral dahil sa taglay na katalinuhan.

Nang sumapit ang bakasyon nang sumunod na taon ay sumulat ang binata sa kanyang mga magulang at sinabi niya na kung maaari ay sa piling ng kanyang mga pinsan idaraos niya ang kanyang bakasyon. Ang matatanda ay hindi naman tumutol, kaya't noon din ay sinundo siya sa seminaryo at inihatid sa bahay ng kanyang mga pinsan sa kanugnog na bayan.

May dalawang linggo pa lamang ang binata sa bayang iyon ay nasaksihan agad niya ang maling pamamalakad ng mga pari sa bayang yaon, at ang pagmamalabis ng mga ito sa mga nasasakupan. Dahil sa mga nakikitang iyon ay napunla sa isip ng binata ang lihim na pagkamuhi sa mga alagad ng simbahan at noon din ay kinausap ang kanyang pinsan.

—Hindi ako makapaniwala na gawin iyon ng mga taong ang laging inihahasik sa puso't diwa ng mga mamamayan ay ang mga bagay na nauukol sa pag-ibig sa Diyos at sa kanyang kapuwa, —nasabi pa ni Graciano sa kanyang pinsan.

—Matagal ko nang ibig isulat sa iyo ang mga bagay na iyan, nguni't ako'y nag-aalaala na hindi mo paniwalaan.

—Ngayon ay hindi na ako mapababalik pa ng aking mga magulang sa seminaryo ano man ang mangyari.

Nang muling sumapit ang pagbubukas ng klase sa seminaryo ay sinundo si Graciano ng kanyang ama sa bahay ng kanyang pinsan. Tulad nang kanyang nasabi ay hindi siya napilit na magbalik sa seminaryo at sa halip ay naimungkahi ng binata sa kanyang ama na kung maaari ay ibig niyang lumuwas ng Maynila upang tumuklas ng karunungan sa panggagamot.

—Inakaala ko po na bilang isang manggagamot ay higit na mapaglilingkuran ko ang aking mga kababayan kaysa sa maging isang pari. Hindi ba ninyo nakikita na marami sa ating mga kababayan ang namamatay sa sakit na hindi man lamang nalalapatan ng kaukulang lunas bunga ng kanilang mga kahirapan sa buhay? Kung ako ay maging isang manggagamot, kusang ihahandog ko sa kanila ang aking paglilingkod.

Dahil sa pangangatwirang iyon ni Graciano ay pinayagan na siya ng kanyang mga magulang na makaluwas sa Maynila. Noong Hunyo, 1879 ay nagpatala si Graciano sa Pamantasan ng Sto. Tomas. Sa kasamaang-palad ay hindi siya natanggap dahil sa hindi niya taglay ang titulong "Batchéller en Artes" na siyang unang kailangan sa kolehiyo ng medisina sa naturang pamantasan.

Bunga ng malabis na hangarin ng binata na makatulong sa kanyang mga kababayan bilang manggagamot, ang ginawa ay pumasok bilang isang katulong sa pagamutan ng San Juan de Dios sa Intramuros.

Sa loob ng ilang panahong paglilingkod ni Graciano bilang katulong ng mga manggagamot sa San Juan de Dios ay malaki ang kanyang naiunlad at natutuhan. Hindi nagtagal at ang binata ay muling nagbalik sa kanilang bayan sa Kabisayaan na angkin ang kaunting kaalaman sa panggagamot.

Kusang-loob na inihandog ng binata ang kanyang paglilingkod sa kanyang mga kababayan nang walang bayad. Sa ginawang iyon ni Graciano ay marami ang nagmahal sa kanya, nguni't sa kabila niyon ay marami rin naman ang nainggit at namuhi at ang mga iyon ang nagsuplong sa mga maykapangyarihan. Ang salang ipinataw sa kanya ay ang panggagamot nang labag sa batas.

Dahil sa malungkot na pangyayaring iyon ay natigil ang paglilingkod ni Graciano sa kanyang mga magulang at sinabing ibig niyang makatuklas ng karunungan sa ibang bansa. Ang kanyang mga magulang ay hindi naman tumutol at nang sumunod na taon ay nilisan ni Graciano ang lupang tinubuan at nagtungo sa Espanya.

Sa Universidad ng Valencia ay nagpatala ang binata sa kolehiyo ng medisina. Datapwa't hindi pa siya nagtatagal sa pamantasang iyon nang mabalitaan niyang ang ilan sa kanyang mga kabalat ay nagkakatipun-tipon sa Madrid at ang mga iyon ay gumagawa ng "landas" tungo sa ikalalaya sa pagkakaalipin ng kanilang bayan. Noon din ay iniwan ni Graciano ang pamantasan at nagtungo sa Madrid upang malaman kung ano ang magagawa niyang tulong sa kanyang mga kabalat. Naisip niya noon na hindi lamang sakit ng tao ang kailangang gamutin sa sariling lupa kundi pati ang sakit ng bayan.

Sa Madrid ay nakatagpo ni Graciano sina Jose P. Rizal, Marcelo H. del Pilar, Juan Luna, Trinidad Pardo H. de Tavera at Mariano Ponce. Sa kanilang pagtatagpong iyon ay napag-usapan nila ang kahabag-habag na

(*Buklatin sa pahina* 19)




**Nadama na ng mga pangunahing tauhan sa kasaysayang ito ang mga unang dagok ng tadhana sa kanilang buhay . . .**

**(Ika-2 Labas)**

NANG mapatalikod si Aling Inggay, nilapitan ni Mario ang dalawang kapatid. Naupo siya sa tabi ni Victor na naghuhugas ng pinggan. Siniko niya ito.

—Sino'ng nagsumbong sa Tatay, ikaw ba?

Umungol ang sasampuing taong gulang na si Victor, nguni't hindi kumibo.

—Ikaw ba... ikaw ba ang nagsumbong?

Nang ayaw sumagot si Victor ay nilingon ni Mario si Fred na katabi ng ina sa harap ng kalan. Labindalawang taong gulang si Fred. Patpatin.

—Siguro ikaw nga. — Muling siniko ni Mario si Victor. —Alam kong ikaw ang maiging magsusumbong.

—E, pa'no... 'tinatanong ng Tatay. Ayokong magbulaan.

Mahigpit na nakuyom ang palad ni Mario. Ibig-ibig na niyang suntukin si Victor, nguni't nagpigil siya. Tumindig na lamang siya. Tumayo sa isang sulok at pinagmasdan ang mga kaaptid. Nakikita niyang limahid ang pananamit ni Victor, gayundin ni Fred. Kapwa patpatin ang dalawa niyang kapatid na ito. At aywan ni Mario kung bakit biglang nawala ang pagkamuhing naglalatang sa kanyang dibdib. May isang dimawaring damdaming napukaw sa kanyang puso —damdaming singkahulugan ng pagkahabag, nguni't hindi niya maaming pagkahabag sapagka't batid niyang matigas ang kanyang kalooban; pinatigas iyon ng mga karanasang tinamo niya mula pa sa kamusmusan, ng mga pangyayaring nasaksihan na niya sa kanilang pook.

—Siya, maghain na kayo, —utos ni Aling Inggay sa mga anak nang mainin na ang sinaing. —Ikaw naman, Mario, tumulong ka sa mga kapatid mo. Punasan mo ang mesa.

Walang kibong tumalima si Mario sa utos ng ina. Nang makapaghain ang magkakapatid ay lumabas si Mang Karyas. Nagsalo ang mag-anak sa mapulang kanin na inulaman ng tatlong inihaw na tuyong tamban na isinawsaw sa sukang pinisaan ng dalawang butil na bawang.

Iginala ni Mario ang tingin sa mga kaharap sa hapag. Matagal na napako ang kanyang paningin sa kanyang ina. May mangilan-ngilan nang puti sa buhok ni Aling Inggay. Humpak ang pisngi nito. Ang mga mata ay naghahayag ng pagkapagal at ang mukha ay naglalarawan ng mga kahirapang dinaranas sa buhay. Sa maluwang na leeg ng kupas at sulsihang kimona ay lumilitaw ang malalalim na hukay sa tabi ng nakaumbok na mga balagat. Idinako ni Mario ang tingin sa kanyang ama. May mga ugat na nagbabanil sa braso nito, at ang mga kalamanan ng bisig ay naglalarawan ng lakas na di pa kumukupas. May katatagang inilalarawan ang mukha ng kanyang ama —katatagang wari'y ayaw pasupil sa buhay — at nagkaroon si Mario ng hangaring tarukin ang mga lihim na ikinukubli ng larawang yaon ng kalakasan. Matagal niyang pinagmasdan ang mga mata ng kanyang ama: ang panlalamlam niyon ay katulad ng sa kanyang ina, naghahayag din ng pagkapagal. Pinaglipat-lipat ni Mario ang tingin sa kanyang ama't ina, saka idinako sa kanyang dalawang kapatid na nakatungo at walang kakibo-kibo sa pagkain, at parang may humarang sa kanyang lalamunan. Muli niyang nadama ang pagbabangon ng damdaming yaon sa kanyang dibdib.

—Ayaw ka na ba? — tanong ni Mang Karyas nang tumindig si Mario na hindi nauubos ang pagkain sa kanyang plato.

—Ayoko na ho.

Pumasok siya sa loob, matapos makainom at masidlan uli ng tubig ang baso para naman sa kanyang ama. Naupo siya sa tabing bintana. Maya-maya'y pumasok si Mang Karyas. Naupo iyon sa kabilang dulo ng bangkong kanyang inuupan. Hindi siya kinibo ng ama. Katulad niya, nanungaw din ito at tila nag-iisip na idinako ang tanaw sa pulutong ng dikit-dikit na mga bahay sa kabilang panig ng lubak-lubak at makipot na lansangan.

Tumindig si Mario. Lumabas. Dinatnan niya sa kusina na nagliligpit na ang kanyang mga kapatid. Pinupunasan ni Fred ang mesa, at dinadala naman ni Victor ang mga pinggan sa batalan upang hugasan. Muling parang may humarang sa lalamunan ni Mario. Parang ibig niyang maiyak. Nguni't hindi... hindi siya maaaring umiyak. Matigas siya. Matigas. Katulad ng kanyang ama. Kung may magagawa nga lamang siya. Kung may magagawa...

At sa pagkadamang wala siyang magagawa, may paghihimagsik na nagbabangon sa kanyang kamalayan. Pumasok siya uli sa loob, nguni't hindi siya naupo sa tabi ng kanyang ama. Mayamaya pa'y na sa loob na sina Fred at Victor na nangakatapos na ng ginagawa.

Nakikita ni Mario na kagat na ang dilim sa labas ng bintana. Namumula-mula pa ang dakong kanluran na nilubugan ng araw.

—Ano... hindi ba kayo mag-aaral? —Tinig iyon ng kanyang ama. —Buksan ninyo ang libro n'yo.

Parang makinang nagsigalaw sina Fred at Victor. Paumat-umat na kinuha ni Mario ang kanyang aklat na itinabi sa isang sulok, at nakiumpok siya sa mga kapatid. Binuklat niya ang aklat sa dakong kinaroroonan ng kanilang leksiyon. Nguni't walang pumasok sa kanyang isipan. Naglalakbay ang kanyang diwa.

**Ang nadarama niyang paghihirap ng kanyang ama... ng kanyang ina... Ang laging pag-aapura ng kanyang ama: Mag-aral kayo, mag-aral... Bakit ganito lang 'ang nakuha mong marka, bakit ganito lang?... Ang tila makinang pagkilos ng kanyang dalawang kapatid... Ang marami pang mapapait na karanasang dinanas niya at nasaksihan sa kanilang pook na iyon... Ang kanyang paghihimagsik, ang paghahangad na tumakas nguni't hindi naman niya magawa... Ang pagkabuyo niya tuloy sa pakikibarkada sa mga batang-lansangan, ang paglaban ng kara-i-krus, ang laging pagpapagabi ng uwi mula sa paaralan, ang pagpunta niya sa tabing dagat at pakikipag-away sa mga kapwa bata —mga gawaing nakapagdudulot sa kanya ng panandaling pagtakas, paglimot... Ang di niya maunawaang pagbibinhi ng kung anong**



(Buklatin sa pah. 15)




**Salamat at natuklasan ng kanyang ina ang katotohanan... kung hindi ay tiyak na hahantong siya sa kapariwaraan**

MAGHAHATING-GABI na ay hindi pa dumarating si Liz. Inip na inip na sa kahihintay si Aling Ada. Umaga pa nang umalis ang anak na kasama ng ilang matatalik na kaibigang nagsipag-eskursiyon. Hindi sana ganong mababahala si Aling Ada kung mapagkakatiwalaan ang mga kaibigan ni Liz. Nguni't hindi lamang iilang ulit na niyaya ng mga iyon ang anak na dalaga sa mga pasyalan at pagtitipon, subali't hindi na inihahatid sa pag-uwi.

Waring sinisisi ni Aling Ada ang pagiging maluwag niya sa anak. Dati-rati, nang nabubuhay pa ang kanyang kabiyak, halos hindi makalabas ng bahay si Liz. Maminsan-minsan lamang kung makaalis ng bahay ang dalaga upang mamasyal. Napuna ni Aling Ada ang pananamlay ng katawan niyon kaya siya na ang humihingi ng pahintulot ng asawa sa pagliliwaliw ng anak. Nang sumakabilang-buhay ang ama ni Liz ay si Aling Ada na ang namahala sa pagpapasunod sa anak. Maluwag siya kay Liz.

Nang hilingin ni Liz na tumigil muna siya sa pag-aaral ay madaling sumang-ayon si Aling Ada. Sa simula'y naglalagi lamang ang dalaga sa bahay. Nang maglaon ay nagkaroon siya ng mga kaibigang nagturo sa kanya ng mga makabagong pagkilos at pag-aayos. Naragdagan pa ang kanyang mga kaibigan. Naglalabas na siya ng bahay upang dumalo sa mga pagtitipon. Dumalas ito nang dumalas hanggang sa matutong umuwi nang maghahating-gabi.

Halos mapikit na sa paghihintay si Aling Ada. Sa pagkakatuon ng kanyang paningin sa pintuan ay waring mga yabag ni Liz ang naririnig niya sa bawa't pag-tik-tak ng orasan. Lalong pinaiinip ng mga tik-tak na iyon ang kanyang paghihintay. Lumakas ang mga tik-tak na iyon. Pagkaraa'y naging madadalang at mabibigat na yabag. Nagitla si Aling Ada.

—Mama... —Mahinay ang pagkabigkas ni Liz sa pangalan ng ina.

Hindi agad nakatayo buhat sa kinasasandigang supa ni Aling Ada. Nawala ang kanyang pangamba at napalitan ng galit. Tinitigan niya si Liz. Susuray-suray ang dalaga habang pilit na itinutulak ang bahagyang nakabukas na pinto.

Namaybay si Liz sa paglapit kay Aling Ada. Hinagkan niya sa noo ang ina na nakapagbaba na ng paningin. Hindi pa sumasayad ang mga labi niya sa noo ni Aling Ada ay humakbang na siyang palayo.

Biglang nagtindig si Aling Ada. —Lasing ka, Liz.... —nagngingitngit na sumbat sa dalaga.

Tuluy-tuloy si Liz sa kanyang silid. Ibinagsak ang katawan sa malambot na kama.

—Liz... bakit ka naglasing? —Nakatayo si Aling Ada sa tapat ng kinahihigaan ng dalaga.

Tumuwid sa pagkakahiga si Liz na ang mukha'y nakabaon sa unan. Naghintay pa rin ng tugon si Aling Ada.

—Hindi... Mama. —Banayad ang pagtugon ni Liz. At hindi na siya muling nangusap.

Naawa si Aling Ada sa naging anyo ni Liz. Napawi ang kanyang galit. Inalis niya ang sapatos nito at marahang kinumutan. Pagkapatay sa ilaw sa silid ng dalaga ay nagbalik siya sa supang pinaghintayan niya sa anak. Pilit niyang iwinawaksi ang mga gunita ng maaaring kahinatnan ni Liz. Noon lamang umuwi ng lasing ang kanyang anak. Nagunita niya ang maaari pang sumunod doon... at ang maaaring maging lubusang pagkalimot ni Liz sa sarili.

Maraming bagay ang inisip ni Aling Ada nguni't hindi siya makatagpo ng kalutasan upang maputol ang labis na layaw na naipagkaloob niya sa anak.

Hindi pinatulog si Aling Ada ng kanyang pag-iisip hanggang sa kinaumagahang nag-aalmusal na silang mag-ina.

—Lasing ka kagabi, ano? —Pilit na pinababa ba ni Aling Ada ang kanyang tinig. —Sino ang nagsama sa iyo?

Ngumiti si Liz na parang walang ano mang nangyari nang sinundang gabi.

—Ang Mama naman... sina Dely lang ho, —paliwanag ni Liz.

Tiningnan nang tuwid ni Aling Ada ang anak. Wala siyang nasinag na pagkaligalig sa anyo ni Liz. Tumangu-tango siya. Muling nangiti ang kanyang anak.

—Huwag ka na muling maglalasing, hane? —Matagal bago nasambit ni Aling Ada ang pagbabawal sa anak. Tumango si Liz. —At huwag ka nang magpapagabi ng uwi, ha, Liz?

Hindi sumagot ang dalaga. Waring napaisip. Ibinaba ang kinukukot na **sliced bread** at saka tumayo.

—Mamayang hapon na lamang. Huling **appointment** ko na hu itong gabihin. —Nagsusumamo ang tinig ni Liz habang nakapatong ang dalawang kamay sa balikat ni Aling Ada. Tiningnan siya ng ina.

Parang gumuhit sa paningin ni Aling Ada ang anyo ni Liz nang nakaraang gabi. Nanumbalik ang gunitang hindi nagpatulog sa kanya sa buong magdamag. Natakot siya sa maaari pang sumunod sa paglalasing ni Liz. Hindi na niya mapatatawad ang sarili kapag nagkaroon ng higit pang malubhang bunga ang labis niyang pagpapalayaw.

—Hindi...! —Malakas ang pagtutol ni Aling Ada sa kahilingan ni Liz. Buo na sa isip niya ang gagawing paghihigpit sa anak.

Bumitiw si Liz sa pagkakahawak sa balikat ni Aling Ada. Sumimangot. Pagkalagok sa nalalabing kape sa tasa ay padabog na lumabas.

—Saan ka pupunta?

—Maliligo na ho.... —At humina ang mga yabag ni Liz.

Naiwang nag-iisip pa rin si Aling Ada. Nailigpit na ng kanilang katulong ang mga pinagkanan ay naroon pa rin siyang nagbubulay-bulay. May pagkakataong iniisip niyang pagbigyan ang hinihiling ni Liz. Nguni't inaalala naman niyang maging malubha ang huling pagpapapagabi ng anak.

Tumunog ang telepono. Naputol ang pagdidili-dili ni Aling Ada. Agad siyang tumayo. Nagtuloy siya sa salas na kinaroroonan ng telepono. Wala sa loob na dinampot ang awditibo.

—Liz, ikaw ba? Si Bert ito... —narinig ni Aling Ada buhat sa kabilang dulo ng kawad. Sa pagkarinig sa pangalang **Bert** ay nagbago ang anyo ni Aling Ada. Sumidhi ang pagnanais niyang mapakinggan nang matagalan ang tinig na yaon. Isa si Bert sa mga malimit magyaya kay Liz. May lihim siyang nalalaman tungkol dito: mapaglaro sa mga puso si Bert gayong may pananagutan na.

—Ako nga si Liz... —tugon ni Aling Ada. Pilit niyang binabago ang kanyang tinig. Nagbabakasakali siyang mabatid ang kadahilanan ng pagnanais ni Liz na makalabas ng bahay sa hapong yaon.

—Mamaya ay maghihintay ako sa sinabi kong pagtitipanan natin, —anang tinig. Nandilat ang mga mata ni Aling Ada. —Kung talagang mahal mo ako'y darating ka. **Bye**...

Nanlumo si Aling Ada. Nadama niyang nanlalamig ang kanyang mga kamay habang ibinababa ang awditibo ng telepono. Sumandig siya sa supa na nakatigagal.

Muling sumurot sa isipan niya ang labis na pagpapalayaw kay Liz. Sa himig ng tinig ni Bert ay may napag-usapan na ito at si Liz. At ang huling napagkasunduan ng dalawa ay tuluyang magwawasak sa inaasam niyang magandang hinaharap para sa anak.

Nagtindig si Aling Ada. Makailang ulit siyang nagpabalik-balik sa kabuuan ng salas. Kailangan

niyang mailayo si Liz kay Bert.

Nang magkasalong muli sina Aling Ada at Liz sa pananghalian ay hindi sila nagkibuan. Tuwing titingnan ni Aling Ada ang anak ay tumutungo ang dalaga.

Matagal na huminto sa pagsubo si Aling Ada. Nakamasid siya sa anak na hindi tumutingin sa kanya. Bumuo siya ng isang balak na maglalayo kay Liz sa kasusuungang kapahamakan. Nagtaas ng ulo si Liz at nagtama ang mga mata nilang mag-ina.

—Liz, —ani Aling Ada, —mamayang hapon ay makaaalis ka. Magpagabi ka kung siya mong ibig. Pinapayagan na kita.

Nangiti si Liz sa tinuran ng ina, nguni't walang bahid ng kagalakan sa mga ngiting yaon. Napagpasyahan na niya sa sariling lalakad siya sa hapong yaon, payagan man siya o hindi. Gayonman ay tumingin siya sa ina at nagbigay ng isang "salamat ho."

—Anong oras ka ba aalis?

—Bandang alas-singko ho...

—Buweno, —wika ni Aling Ada habang marahang tumatayo, —ikaw ang bahala. Mayamaya ay aalis ako't may bibilbin ako sa Dibisorya.

Naiwang binabalangkas ni Liz ang mga balak sa pagsama niya kay Bert.

—.—

BIHIS NA BIHIS na si Liz. Handang-handa na ang kanyang loob sa pagsamang yaon kay Bert — upang huwag nang muling magbalik sa tahanang kanyang lilisanin. Naghihintay na lamang siya ng ilang sandali upang lumabas ng kanilang bahay.

—Senyorita, sa inyo po, —sabi ng katulong nila sa bahay, sabay abot sa kanya ng awditibo ng telepono. Tumunog ang telepono nang hindi namamalayan ni Liz.

—Kayo po ba si binibining Liz...? —tanong ng tinig sa telepono. Marahang sumagot si Liz. Nagtaka siya sa di pangkaraniwang tinig na yaon. Hindi niya dating naririnig ang tawag niyon. Nagpatuloy ang tinig: —Ako po ay maybahay ni Mr. Bert Valdez. Nahiwatigan ko po sa kanyang may nais na naman siyang linlanging babae. Hindi miminsang nadudupilas siya sa pagbanggit ng i n y o n g pangalan. Kung tama po ang hinala kong kayo ang nabibingit sa panganib ay ipinapayo kong huwag ninyo siyang katagpuin...

Hindi na hinintay ni Liz ang iba pang isasaad ng tinig. Agad-agad niyang ibinaba ang awditibo ng telepono at mabilis na nagtuloy sa kanyang silid.

—.—

MAHIHINANG katok sa pinto ng silid ang pumukaw kay Liz. Nahuhulaan na niya kung sino ang naroroon.

—M a m a... —Sinalubong ni Liz ang ina sa pituan at niyakap ito.

—Akala ko ba'y aalis ka...?

—Hindi na ho. —Pinahid ni Liz ang basang mga pisngi. —Mamá, nasaan ang pinamili ninyo sa Dibisorya?

Nangingiti na si Liz sa pagtatanong. Hindi kumibo si Aling Ada.

—Mama, —patuloy ni Liz habang hinahagod ang may puti nang buhok ni Aling Ada. —Noong una'y hindi ko nahalata ang boses ninyo...

Nagulat si Aling Ada. Sa mga mata ni Liz ay nasinag niya ang isang kapasyahang siya niyang pinakaaasam.

—Mag-aaral a k o uli, Mama. —Tumanaw si Liz sa telepono. Ginawa niyang kapansin-pansin kay Aling Ada ang pagtinging iyon. —At... Mama... kahit naman hindi ninyo binago ang boses ninyo'y maniniwala ako.

Naluha sa kagalakan si Aling Ada. —Talagang marunong ang anak ko, —aniya habang kinakapitan sa baywang si Liz.

—Nagmana ako sa inyo, Mama. Pagka't matalino kayo. Sino ang mag-aakalang telepono lamang ang makapipigil sa mga kalukohan ko?

Napakislot si Liz nang maramdaman niya ang maliit na kurot sa kanyang baywang. (X)

—o—

## Sa Ibabaw ...

(Karugtong ng na sa p. 13)

**damdaming yaon sa kanyang puso — masalimuot, katulad ng pagiging masalimuot ng buhay na kanyang nilakhan at ng katauhang nilikha niyon sa kanyang sarili...**

Hindi pa lubos na naunawaan ni Mario. Bata pa siya. Nguni't may mga katanungan nang nabubuo sa kanyang isipan — mga katanungang hindi niya maihanap ng tiyák na kasagutan.

Ikasampu na ng gabi nang mahiga si Mang Karyas. Saka lamang tiniklop ng mga bata ang mga aklat na tinutunghayan. Tulog na si Aling Inggay. Nahiga sina Fred at Victor sa tabi ng ama.

Matapos patayin ang ilaw, si Mario ay nahiga sa isang sulok, malayo sa mga magulang at mga kapatid. May di-mawaring damdaming gumagapi sa kanyang katauhan, naghahatid sa kanya ng pangungulila. Sa karimlang naghahari sa kabahayan ay nakadarama siya ng pag-iisa; malayo ang inaabot ng kanyang naglalakbay na diwa, dumadako sa isang naiibang daigdig, malayo sa makatotohanang kapaligiran na ninanais niyang takasan... takasan...

ILAN pang buwan ang nakaraan mula noon. Disyembre 8, 1941 nang gimbalin ang lunsod ng Maynila ng malalaking titik sa mga pahayagan: **Sumiklab ang digmaan sa Pasipiko. Binomba ng mga Hapones ang mga himpilang pandagat ng Amerika sa Honolulu.**

Nagkagulo ang mga tao sa lunsod nang mabalitang binomba na rin ang Dabaw at ang Bagyo. Biglang naputol ang pagdaraos ng klase sa mga paaralan.

Hindi agad nakalikas ang mag-anak na Mang Karyas. Hindi nila alam kung saan sila pupunta. Wala silang kamag-anak sa lalawigan. Ang magaama ay naghukay na lamang sa likod-bahay ng mapangungublihan kung sakaling magbagsak ng bomba ang mga kaaway sa lunsod.

Isang araw, sa kabila ng mahigpit na bilin ng ama na huwag aalis ng bahay, si Mario ay nagsadya kina Linda. Tatlong araw nang hindi sila nagkikita ni Linda at kinasasabikan niyang makausap ito.

Dinatnan ni Mario na nakahiga si Aling Sinay. May sakit. Na sa tabi nito ang anak. Nabatid ni Mario na mula nang maganap ang kaguluhan sa lunsod ay hindi pa umuuwi si Mang Diego, ang asawang kauli ni Aling Sinay. Pagkaraang makipag-usap sa mag-ina ay umuwi na si Mario.

Ilan pang araw ay lugaw na ang kinakain ng mag-anak nina Mang Karyas.

—Mabuti kaya'y pumunta na tayo sa probinsiya, —nasabi tuloy sa asawa ni Aling Inggay. —Mamamatay tayo ng gutom dito. Kahit saan sa probinsiya.... pumunta tayo. Kahit wala tayong kamag-anak doon... marahil naman ay hindi tayo mawawalan ng mapapakituluyan..... Mabuti pa roo't malayo tayo sa panganib.

Napatango na lamang si Mang Karyas. Batid niyang tutoo ang sinabi ng asawa. Pinutol ng digmaan ang kanyang gawain sa piyer, at silang mag-anak ay nakaharap sa pagkagutom at panganib sa lunsod.

Nagsimulang maghanda ang mag-anak. Gumawa si Mang Karyas ng isang karitunang pagkakargahan ng mga kagamitang dadalhin nila sa paglikas. Nang mayari iyon ay binalot ni Aling Inggay sa mga katsa ang kanilang mga damit. Katulong niya sina Victor at Fred sa paghahanda.

Nang makitang nalilibang ang kanyang mga magulang at kapatid, si Mario ay tumalilis at nagpunta kina Linda. Dinatnan niyang umiiyak si Aling Sinay. Inusisa niya si Linda, at ipinagtapat nito ang dahilan: si Mang Diego pala, ang asawang kauli ni Aling Sinay, ay may kinakapisang babae. Mula nang magkagulo ay nakisama ito sa pangkat ng may masasamang budhi na nagsisipagsamantala sa tahanan ng mga taong nagsisialis sa lunsod. Sa tahanan na ng babae na kaisa sa gawaing iyon umuuwi si Mang Diego. At nakaabot kay Aling Sinay ang balita na napatay ang asawa nito sa isang alitan ukol sa pagpapartihan ng mga napanguiimbatan. Mahal ni Aling Sinay ang asawa, at paanu't paano man ay dinamdam nito ang pagkasawi ni Mang Diego.

—Paalis na kami, Linda, —ani Mario. —Pupunta kami sa probinsiya. Mabuti kaya'y sumama na kayong mag-ina sa amin.

—Oo nga. Ayoko na rin dito. Natatakot ako. Sasabihin ko sa Inay.

Kinausap ni Linda si Aling Sinay. Hindi pa ito ganap na magaling, nguni't pumayag na sa amuki ng anak.

—Sige, maghanda na kayo, —ani Mario. —Uuwi muna ako at sasabihin ko kay Tatay na sasama kayo sa amin.

Nang makauwi si Mario ay dinatnan niyang handa na ang kanyang mga magulang at kapatid sa pag-alis.

—Saan ka ba galing, bata ka? —nayayamot na tanong ni Mang Karyas. —Nakita nang abala ka rini'y kung saan pa nagsuot.

Ibinalita ni Mario ang napag-usapan nila sa bahay nina Linda, at nabag-

(*Buklatin sa pah. 20*)




## sa ilog na ito ...

*kahapon pa, giliw, binuo sa hagap*
*na kita'y ilibot sa aking lumipas —*
*tatapatin natin kung saan nagbuhat*
*ang landas ng aking mahabang nalakad.*

*mamamaybay kita sa pampang ng ilog*
*nang di ka initi't dumaing ng pagod;*
*(ang huling hinampo sa iyong pag-irog,*
*di mo nalalama'y dini ko nilunod.)*

*ang lagot nang kwintas niring panimdimin,*
*matutunghayan mong naglutang na butil;*
*sa palad mong sutla'y huwag paahunin*
*kung ayaw mong ako'y makitan hapisin.*

*sa mahinhing usad ng kristal na tubig*
*ipinaaanod yaring panaginip;*
*saka sa ilalim nito sinisisid*
*naman ang kaputol ng una kong awit.*

*sa ibayong pampang aking hinirati*
*ang puso sa hirap ng gawang-kumasi;*
*doon din, mahal ko, dinidilidili*
*ang bawa't sinakit na walang-nangyari.*

# sa UGAT

ni Cesario L. del Rosario



HINDI ko natatandaan ang tiyak na araw nang sabihin niya iyon sa akin pagka't batang-bata pa ako noon. Subali't hindi ko nalilimot ang kanyang sinabi...

—Kung nais mong patayin ang damo, lalo na't masamang damo, ay bunutin mo ang mga ugat...

Banayad nguni't may taginting ng kapangyarihan at katatagan ang tinig ng aking ama. Malumanay m a g s a lita ang aking ama... madalang... subali't hindi ko mawatasan... hindi maabot ng mura kong pagkukuro kaya winawalang-halaga ko lamang.

Hindi ko na matandaan kung bakit niya nasabi ang gayon sa akin. Ang tanging nagugunita ko'y nakipag-away ako noon sa isa kong pinsang lalaki —kay Jose.

Lagi akong hinaharang ni Jose at sinusuntok, lalo na kung kilik ko ang munti kong kapatid na babaing si Delya. Ako ang tagapag-alaga ng maliliit kong kapatid pagka't wala akong nakatatandang kapatid na babae.

Minsan ay isinumbong ko sa aking ina ang ginagawang panghaharang na lagi sa akin ni Jose subali't kinagalitan lamang ako at sinabing iwasan ko na lamang ang aking pinsan. Hindi ako makapagsumbong sa aking ama. Nangangamba ako.

Subali't nang minsang magtagpo kami sa tindahan nang utusan ako ng aking ina upang bumili ng bawang ay hindi na ako nakapagpigil nang buskabin ako ni Jose...

—Susanang pilay....! Susanang pilay...!

Nang mga araw na hinaharang niya ako at sinusuntok ay nakapagtitimpi ako. Subali't nang dustain na niya ang aking ina (maikli ang isang paa ng Nanay ko) sa pamamagitan ng panunukso sa akin ay hindi na ako n a k a p a g p atawad pa. Umakyat ang dugo sa ulo ko at sinugod ko siya ng suntok. Nagpambuno kami at napaibabawan ko siya nang kami'y nakagulong na sa lupa. Namalayan ng ama niya ang paglalaban naming iyon pagka't na sa tabi lamang ng tindahan ang kanilang bahay. Pagalit na pinuknat ako sa pagkakahawak sa kamay at leeg ni Jose at itinaboy akong pauwi.

Kinabukasan ay malumanay akong tinanong ng aking ama.

—Inaway mo nga ba si Jose?

—Oho... Tinawag niya akong Susanang pilay, e ...! Pati Nanay, e, hinahamak niya!

Hindi na umimik ang aking ama. Kinuha ang gulok at nagkayas ng ng isang patpat na may isang metro ang haba at mahigit na isang dali ang lapad. Kinabahan ako. Abut-abot ang dasal ko ... napakabilis ng pintig ng aking puso. Malalalim ang aking paghinga. Mayamaya'y...

—Halika... sumama ka sa akin!

Nangangatog ang tuhod kong sumunod ako sa kanya. Takang-taka ako nang kami'y pumapasok na sa bakuran nina Jose. Bakit kaya? Sunud-sunod na naitatanong ko sa sarili.

Naratnan namin ang ina ni Jose na nagliligpit ng kinanen. Katatapos lamang nilang makapaggagahan noon.

—Si Bading, nariyan ba?

—Wala, na sa opisina na...

—E, si Jose?

—Nariyan sa loob.. bakit ba? —nagtataka si Tiya Santay.

—Para makatanda ang mga batang iyan ay mabuting bigyan natin ng pagkakataong makapalo sa isa't isa. Si Ayong muna ang darapa at papaluin ni Jose ng dalawampu't limang ulit, pagkatapos ay si Jose naman ang darapa upang paluin ni Ayong sa puwit.

Natawa muna si Tiya Santay at nang matiyak na hindi nagbibiro ang aking ama ay pumayag na. —Kung iyon ba ang mabuti, e...

—Iyan ang mabuti, —sanib ng ama ko, —para magsawa sila sa pananakit sa isa't isa.

'Tinawag ng Tiya Santay si Jose na namumutla noon at kinakabahan pagka't nakitang may tangang pamalong patpat ang aking ama. Nilapitan siya ng ama ko at iniabot ang patpat.

—Dapa, Ayong.... —utos sa akin ng aking ama. —Sige, Jose, paluin mo siya ng dalawampu't limang ulit.

Napamangha muna si Jose saka mahigpit na tinangnan ang pamalong patpat. Mabanayad naman akong dumapa sa sahig at kinakabahang nakiramdam. Mayamaya pa'y sunud-sunod nang palo ang lumagapak sa puwit ko. Tiim-bagang kong tiniis iyon.

N a n g hustong dalawampu't lima na ay pinahinto iyon ng aking ama na s i y a n g bumibilang nang malakas.

—Ikaw naman ang dumapa, Jose...! —Banayad na utos ni Ama.

Inut-inot na dumapa si Jose na nangangatal nang bahagya. Buong pagngingitngit kong tinangnan ang pamalong patpat. Naranasan ko na kapag ang palo ay lumagpak sa dati nang tinamaan ay lubhang naninigid ang sakit kaya gayon ang aking ginawa. Sinikap kong patamaan ng palo ang dati nang tinamaan at nakita kong namimilipit sa sakit si Jose na paimpit na napapaiyak.

Mula noon ay hindi na kami nag-away pa. Napakintal sa isip ko ang pangyayaring iyon at ang isang pangungusap ng aking ama... —Kung papatayin mo ang damo ay bunutin mo ang mga ugat...!

Ipinâliwanag iyon sa akin ng ama ko subali't hindi ko naunawaan. Nguni't nang ako'y nagbibinata na, nang ako'y nagaaral na sa haiskul, ay minsan pa niyang nabanggit iyon. At may natandaan akong bahagi ng kanyang mahabang paliwanag.

—Ang mga suliranin ay katulad din ng masamang damo na hindi nagsasawa sa pagsibol. Subali't walang suliraning hindi nalulutas nang maayos kung sisikapin mo lamang na pag-aralang mataman kung saan nagsusumiksik ang mga ugat at iyon ang pilitin mong mabunot sa pamamagitan ng iba't ibang mabubuting paraan.

Nasabi niya sa akin iyon nang ako'y mapilitang huminto ng pagaaral na ipinagdamdam ko nang labis.

—E, kung katulad ho ng suliranin ko...? —sabi kong patanong.

—Tungkol sa pag-aaral mo? Madali iyan... ang dahilan niyan ay karaniwan: ang karalitaan. Bakit hindi ka makagawa ng paraan upang mabunot ang kahi't bahagi man lamang ng ugat ng karalitaang iyan at nang malanta at mapilitang mamatay?

Mataman akong nagisip noon. Naiisip kong kung ang ama ko na walang naabot kundi ikalawang baytang lamang ng mababang paaralan ay natutong makipaghamok sa larangan ng buhay at nakapagpalaki ng mga anak, ako pa kayang na sa ikalawang antas na ng haiskul? At, nakabuo ako ng isang matibay na pasiya: nagmusiko ako. Ilang buwan lamang at natuto ako kaya nakapagaral ako nang walang bayad sa matrikula.

Nang makatapos ako sa haiskul ay lumuwas ako ng Maynila na walang tanging baon kundi lakas ng loob at ang pampasiglang pilosopiya ni Ama...

—Sa lahat ng dako ay

(*Buklatin sa pah.* 20)

**Ang magagandang halimbawa at simulain ng kanilang ama ay natanim sa kanyang puso at naging gabay niya sa buhay**

# DAMBANA AT *Pangako*

ni MARTIN P. PANTALEON at GREGORIO R. FLORENCIO

**Sa tulong ng ilang masasamang-loob, isinagawa na ni Ginoong Buenaflor ang binuong balak laban kay Ramon**

(Ika-20 Labas)

NANG makaupo na si Ginoong Buenaflor at ang dalawang sa malas ay dati na niyang kakilala ay dali-dali siyang um-**order** ng sapat na alak para sa kanila. Hindi gaya ng dating unti-unti ang **order** niya, may kainuman siya o wala. Naisasaloob niyang kailangang makabalik siya kaagad sa kanila bago makaisip si Ginang Buenaflor na muling manaog sa hardin. Hindi na niya gustong malaman pa niyon na lumabas siya nang gabing yaon.

—Marami 'yan, Boss, — puna ng isa sa mga kaharap niya sa kanyang mga hiningi sa **waiter.**

—Mahina ako sa de-espiritu ngayon, Boss. — sabi naman ng isa pa.

—Nagmamadali ako kaya bigla ang **order** natin. —Sinulyapan ni Ginoong Buenaflor ang katatalikod sa kanilang tagapagsilbi. —Saka, ayaw kong magpabalik-balik pa rito si Garcia. Ayaw kong marinig niya ang pag-uusapan natin...

Ang pananabik ay nahayag sa mukha ng dalawang lalaki.

—Iba ito... Hindi basta-basta **deal** ito... —Luminga-linga si Ginoong Buenaflor at nang matiyak na walang maaaring makarinig sa kanila ay nagpatuloy... —Kayo lamang Karyas at Tinoy ang pagkakatiwalaan ko nito.

Nasisiyahang nagkatinginan ang dalawa.

—Madali lang ito kayang-kaya n'yo.

—Ang kundisyon, Boss? —sambot ng tinukoy ni Ginoong Buenaflor na Karyas.

—'Yan ang gusto naming malaman, Boss, — susog naman ng tinawag niyang Tinoy. —Mabuti na 'yung malinaw.

Saglit na napaglipat-lipat ni Ginoong Buenaflor ang titig niya sa dalawa.

—Iba ang kundisyong ibibigay ko sa inyo ngayon. Alam na naman ninyong hindi na gaya ng dati ang **tayo** natin. Kami'y may itatayong negosyo sa Mindanaw. Mga ilang buwan na lamang at bubuksan na namin 'yon. Pag nagawa ninyo ito'y bibigyan ko kayo ng mataas na tungkulin doon.

—Sapak! —sambitla ng dalawa.

—Pero nasasainyo na rin 'yan... —pasubali ni Ginoong Buenaflor. Tumungga siya sa basong hawak.

—Ano'ng ibig mong sabihin, Boss? —tanong ni Tinoy.

—Kapag hindi ninyo napatahimik ang taong sasabihin ko sa inyo'y parepareho tayong mauuwi sa wala.

—Bakit, ano'ng kaugnayan ng taong iyon? —Si Karyas ang nagtanong.

—Sino ba 'yon, Boss? Baka kakilala ko...

—Isang binata. Nobyo ng pamangkin ng esposa ko.

—Ano ngang relasyon sa negosyo n'yo, Boss? — ulit na usisa ni Tinoy.

Sa halip na sumagot ay natingnan ni Ginoong Buenaflor ang kanyang orasang panggalang.

—Talaga bang nagmamadali ka? Ngayon na ba? —Na sa tinig ni Karyas ang pananabik.

—Naparito ako ngayon para matiyak ko lamang kung gusto n'yo... —malayong sagot ni Ginoong Buenaflor.

—'Ba, umayaw na ba kami! —ani Tinoy.

—Mabuti... Kung gayo'y hihintayin ko kayo bukas. Doon n'yo na malalaman ang lahat. —At tumayo si Ginoong Buenaflor.

—Saan, Boss? —halos magkapanabay na tanong ng dalawa na napasunod na rin sa pagtindig ni Ginoong Buenaflor.

—Sa kanto ng Evangelista at Azcarraga... Alas-onse ng tanghali...

IKALABING-ISA at kalahati ng tanghali, kinabukasan — ang hudyat ng pagtatapos ng pang-umagang klase ay umalingawngaw sa lahat ng sulok ng pamantasang pinapasukan nina Aida, Eddie, Chit at Ramon. Si Ramon at Chit ay magkasabay na lumabas. Halatang umiiwas si Chit kay Ramon. Mabilis ang paghakbang ng dalaga at si Ramon ay malimit na maiwan ni Chit.

Si Eddie naman na kangina pa sumusubaybay kay Ramon ay ngingiti-ngiting napahinto sa isang dako ng m a h a b a n g pasilyo at napamasid sa dalawa. At habang nakatanaw sa dalawa ay naisasaloob niyang isinasagawa na nga ni Ramon ang mungkahi niya rito.

Patuloy sa mabilis na paglakad si Chit na para bagang hindi kasama si Ramon. Buong tiyaga namang sumasabay si Ramon.

—Nasabi na ba sa iyo ni Aida, Chit? —pagkuwa'y naitanong ni Ramon.

Kumunot ang noo ni Chit. —Alin?

Nguni't sa halip na masiraan ng loob ay napangiti si Ramon. Hindi pagkayamot ang nahiwatigan niya sa tinig ni Chit. Alam niyang nagkukunwari lamang si Chit. Alam niyang iba ang nasa damdamin ni Chit.

—Hindi pa seguro sinasabi sa iyo, —naipakli niya.

—Alin nga?

May pagkakiming natitigan ni Ramon si Chit. Si Chit ay tumitig din sa kanya.

—Alin nga 'yon?

—Hindi na bale... Mamaya na. Akala ko, alam mo na, e.

Nanahimik si Chit at lalong binilisan ang paghakbang.

—Ihahatid na lang kita, ha? —sambit ni Ramon nang malapit na silang lumabas sa **gate.**

—Huwag na muna... —agap ni Chit. —May dadaanan ako e. Maka-abala pa ako sa iyo. Sa ibang araw na. Salamat na lang.

—Maano. Sasabihin ko tuloy sa iyo 'yong hindi nasabi sa iyo ni Aida, e...

—Nasabi na niya. Alam ko na 'yon. Sige, ha? Sasakay na ako. —At nagmamadaling tumalikod si Chit.

Naiwang natutubigan si Ramon. May ilang sandali nang nakasasakay si Chit sa pinara niyong **jeep** ay hindi pa rin siya tumitinag sa pagkakatayo. Hindi humihiwalay ang kanyang tanaw sa palayo nang palayong kinasasakyan ni Chit.

Nakatanaw pa rin si Ramon sa **jeep** na iyon nang dalawang lalaki ang lumapit sa kanya.

—'Igan, maaari bang makausap ka namin? — marahang wika ng una sa kanya.

Isang tinging nag-aalinlangan ang iniukol ni Ramon sa nagsalita.

—Sino kayo? —himiggalit na tanong niya sa mga kaharap.

—Hindi mo nga kami kilala, **Partner.** —Ang pangalawa ang sumagot. Tinapik-tapik pa nito si Ramon sa balikat. —Pero huwag kang mag-alala. May mahalagang nilalakad lang kami at ayon sa napagtanungan namin ay

(*Buklatin sa pah.* 32)



**ANG NOBELANG ITO AY KASALUKUYANG ISINASADULA ARAW-ARAW MALIBAN KUNG LINGGO SA HIMPILANG D Z M Y (830 Sa Pihitan ng Radyo) MULA SA IKA-11:30 HANGGANG IKA-11:45 NG UMAGA.**

# Ito ang istorya...

ni YOYONG FLORENCIO

ANG PAGLAGAY sa tahimik (pag-aasawa, sa deretsahan) ay para raw isang disgrasya. Ito raw ay dumarating sa isang tao nang hindi nalalaman at hindi naiiwasan. Ito raw ay hindi nababalak o nahuhulaan ang dating. Sa maikling sabi, disgrasya o aksidente na nga at maaari ring sabihing parang kamatayan kung pagdating at pagdating din lamang ang pag-uusapan.

Noong araw, sabihin ninyo kay Aling Ingracia ang paniniwalang iyan at tiyak na siya'y kokontra. Hindi siya naniniwalang disgrasya o aksidente o anupaman ang pag-aasawa. Nasasa-tao raw iyon. Nguni't nang mag-asawa ang kaisa-isa at ayon sa kanya'y mabait niyang anak na si Boding, nabago ang paniniwala ni Aling Ingracia. Ngayon, para sa kanya, ang pag-aasawa'y hindi lamang disgrasya kung dumating, kundi nakadidisgrasya pa raw pala. Kung bakit? ito ang istorya...

## TATLONG DAGOK NG BUHAY

### (Unang Dagok)

Ang pag-aasawa ni Boding ay parang disgrasya ngang dumating. Hindi niya akalain. Napagalitan ng mga magulang ang nililigawan niyang si Inyang, at isang tanghali'y inabutan siya niyon sa Mahabang Kalsada (dito hu'y walang kabahay-bahay). Nagulat pa si Boding nang makita si Inyang na hihikbi-hikbi.

—Bakit ka narito? — tanong ni Boding matapos parahan si Inyang ng minamaneho niyang dyip.

—Pinagalitan a k o s a amin. Sabi ng tatay ko'y huwag na raw akong uuwi. Malas daw ako sa buhay n'ya. Sasama na ako sa iyo ngayon.

—Bakit ka naman napagalitan?

—Dahil sa iyo... Hindi ka raw nagmamano sa kanila kung pumapanhik ka ng ligaw.

—Pa'no 'kong magmamano sa tatay mo, anloy tinali ang kamay!

Natigil si Inyang sa paghikbi-hikbi. Natingala si Boding at nagkatawanan sila. Nguni't nang matauhan si Inyang ay biglang napatigil sa pagtawa at umirap kay Boding.

—Basta, sasama na ako sa iyo ngayon... —pumipiksing sabi.

Walang nagawa si Boding. Pinasakay niya si Inyang sa dala niyang dyip. Pinaharurot niya ang dyip.

Sa dyip naibunton ni Boding ang umaatake sa kanyang tuwa, galak, suya, yamot, takot, pangangarap nang gising, lungkot at marami pang iba.

Mula nang mahalata niyang may maaasahan siya kay Inyang ay ang kaibigan niyang Ilokano sa Maynila ang lagi niyang naaalaala. Ang matalik niyang kaibigang yaon ay nag-iisang namamahay. Minsan nga'y nabiro siya niyon na sakaling maglalayas siya ng babae ay doon niya dalhin. At doon nga dadalhin ni Boding si Inyang ngayon.

Lalong pinabilis ni Boding ang dyip... Napapahigpit ang pagkakakapit ni Inyang sa isa niyang kamay habang humahagunot ang dyip.

Nguni't hindi pa halos nakalalabas ng **boundary** ng probinsiya namin at ng Maynila ang dyip ni Boding nang may sumulpot na hagad sa likuran nila. Gayon na lamang ang pamumutla ni Boding nang matiyak na sila ang tinutugis ng hagad. Si Inyang naman na noon lang nakakita ng hagad ay napangiti kay Boding.

—Ano 'yon, ha? —ang tanong.

Hindi na nakasagot si Boding pagka't siyang pag-agapay sa kanila ng motorsiklo ng hagad. Nagpauna iyon sa kanila. Dali-dali namang inihinto ni Boding ang dyip.

—Bakit? Ano 'yan? — tanong uli ni Inyang sa putlang-putlang si Boding.

—Huwag kang maingay, nahuli tayo... Ngayon ka mag-iiyak nang palibrihin tayo... —anas naman ni Boding. Nakatingin siya sa hagad na papalapit sa kanila.

—Ang layo naman ng agwat mo sa kalaban mo, Amang, —patuyang sabi ng hagad. —Hanggang ngayon ay hindi pa dumarating ang kalaban mo sa karera, a...

—May kalaban ba tayo? —bulong ni Inyang kay Boding.

Kahit mangiyak-ngiyak ay napangisi si Boding.

—E, hindi hu sa gano'n, tsip... Alam n'yo'y...

—Ow, tama na 'yang **alam n'yo, alam n'yo**... Marami na 'kong nalalaman, —patuloy pa ring sabi ng hagad. —Lisensiya, dali...

—E, tsip... —pagbabakasakali ni Boding habang dinudukot ang kanyang pitaka. —Alam n'yo, nagtanan lang kami, e... Baka hu...

Natingnan ng hagad si Inyang. —Ow, ano bang tanan, —ang sabi pagkatapos. —Mukhang **Nanay**



na 'yang kasama mo, e... nagtanan! ... Lisensiya! Dali...!

Kung di lamang alagad ng batas ang kaharap niya ay malamang na may ginawa si Boding. Talagang hindi niya nagustuhan ang sinabi ng hagad hinggil kay Inyang. At sa sama ng loob at sa galit sa hagad ay ibinigay na lamang niya rito ang kanyang lisensiya.

—Sige, sa Obras mo na kunin 'to, —anang hagad nang maabot ang lisensiya ni Boding at mabigyan siya ng TVR.

### (Ikalawang Dagok)

Pagkaraan ng dalawang araw at tatlong gabing pagtatago ay umuwi na sina Boding. Ang dyip ding yaon ang dala nila ni Inyang...

—Huwag kang mag-alala, Boding, magtitiis ako, —aliw pa ni Inyang sa asawa habang tumatakbo ang dyip.

—Hindi mo masasabi 'yan, gaya ngayon, wala akong lisensiya... Mga ilang araw akong hindi m a k a p a g h a hanapbuhay. Makapagtitiis ka ba ng gutom? Baka sa amin, nagdidildil na ng asin ngayon, e...

—Kahit na...

—Wala kang alam na isagot kundi **kahit na**... Kasi, nagyaya ka kaagad e... Mag-iipon muna sana ako e... Ngayon, ano'ng iipunin natin, tiket ng TVR!

—Anong TVR? Magkano'ng premyo no'n?

Ang pagkakatapak ni Boding sa gasolina ay napadiin. Natuwang-nainis siya sa tanong ni Inyang. Bumilis nang kaunti ang dyip. Nguni't bigla niyang napabagal uli nang makita niya sa salaming panlikuran ang korte ng isang hagad...

Hindi nakaimik si Boding. Hindi pa niya nakukuha ang kanyang lisensiya. Hinintay na lamang niya ang mangyayari...

Ang hagad ay sumabay sa kanila. Iyon din ang nakahuli sa kanya at kumuha ng kanyang lisensiya. Ipinarada ni Boding ang dyip. Habang lumalapit sa kanila ang hagad ay pilit na pinagbabago ni Boding ang tabas ng kanyang mukha. Pinalungkot niyang mabuti.

—Lisensiya?

Hindi nakapiyak si Boding. Naisip niyang alam ng hagad na hindi pa niya nakukuha ang kanyang lisensiya.

—Mahilig seguro sa pamamasyal 'yang misis mo, 'no!... Kahit wala kang lisensiya, e, kasama!

Napairap si Inyang sa hagad.

—E, maaari hu ba, tsip ...' —nakuhang masabi ni Boding. —Talaga hu'ng nagtanan kami, e... Ngayon lang kami pauwi...

—Lalo niyang pinalungkot ang kanyang mukha.

—Baka hu maaaring...

—Walang maraming kiyaw-kiyaw, akina 'yang 'binigay ko sa 'yong TVR.

Ibinigay ni Boding ang kanyang tiket... Inabot iyon ng hagad at binasa, sinulatan at saka ibinalik sa kanya. Sinuspindi siya sa pagtsutsuper.

### (Ikatlong Dagok)

Sa pag-uwi nina Boding ay walang nagawa ang kanilang matatanda. Pagkatapos na sabunin silang dalawa; pagkatapos magiiyak si Aling Ingracia; pagkatapos dagukan ni Mang Turne si Boding; pagkatapos baknatan ng usap ni Aling Ingga si Inyang; pagkatapos magsusuntok sa hangin si Mang Dorong ama naman ni Inyang, inareglo ang kasalan. Naging ambisyon na raw ni Mang Doro sa simula't simula pa na makasal nang grande ang sinumang anak niyang babae.

Hindi nakatutol sina Mang Turne. Bakit isa pa'y kaisa-isang anak nila si Boding. Napilitan silang ipagbili ang isa sa dalawang kalabaw na ipinangsasaka nila. Ang lahat halos, dahil sa kulang pa sa damit nina Boding ang pinagbilhan ng kalabaw, ay paamut-amot na lang. Nagsitulong din kina Mang Turne ang kanilang mga kamag-anak, p a t i ang kanyang mga kakilala't kaibigan, kasama na ang kumpare niyang taga-Kaingin. Ang Kumpare niyang taga-Kaingin ang sumagot sa karneng ihahanda sa kasalan.

Sumapit ang araw ng kasal...

Sa pag-aarimuhanan pa rin, si Boding na ang nanundo ng mga bisita. Sa nayon ay walang trapik-trapik, sabi ni Mang Turne, kaya nagtsuper din si Boding kahit suspendido na.

Hakot dito, hakot doon ng mga bisita ang ginawa ni Boding... Lusot dito lusot doon ang patakbo niya... Panay ang kanyang pag-**overtake**... At kamalas-malasan (ito na seguro ang ikatlong dagok), may nalampasan siyang dyip ng PC, At

kamalas-malasan pa rin, **traffic commission** pa ang natapatan ni Boding. Lagot. Sinita siya...

Nguni't nanatiling hindi kumikibo at hindi kumikilos si Boding... Pinipilit sana niyang maiyak, nguni't ayaw namang lumabas ang kanyang luha.

—E, tsip... Araw lang ng kasal ko ngayon. Kinukumbida ko na lang...

—Anong kumbida? —Mabagsik ang PC —Basta ilabas mo'ng lisensiya mo nang wala ng maraming usapan...

Napilitan nang magtapat si Boding. Sa pagbabakasakaling kaawan siya'y sinabi na niya ang katotohanan —wala siyang lisensiya, suspendido siya.

—A, gano'n ha? —patuyang sabi ng PC. —Puwes, kung talagang ikinasal ka'y sa **municipal jail** kayo mag-**honeymoon** ng asawa mo... Wala ka palang lisensiya, arya ka nang arya... Tena.. Ihatid mo muna 'yang mga sakay mo.

Nagugulumihanang sumalubong kay Boding sina Inyang, Aling Ingracia at Mang Turne nang makita nilang may kasamang PC si Boding. Ipinaliwanag ni Boding ang lahat... Nang malaman naman ni Mang Turne ang istorya ay nakiusap sa PC...

—Alam n'yo'y talagang minamalas 'yang anak ko, e... Baka maaaring sa susunod na n'yo siya hulihin...

—Sabagay, Lolo, pag may nakaalam na pinatawad ko 'yang anak n'yo, —sabi ng PC na tila tinablan ng pagmamakaawa ni Mang Turne at Aling Ingracia, —e, tiyak na mapapasama ako...

—'Ku, umasa kayo, **kapteyn** na walang makaalam nito. (Nakagawian nang tawagin ni Mang Turne ng **kapteyn** ang sinumang sundalong makaharap niya).

Nagkapatawaran... At sa laki ng pasasalamat ni Mang Turne ay pinilit niyang makipag-inuman sa kanila ang PC...

Sa inuman dumating ang tunay na **ikatlong dagok.** (Baka nakalimutan na ninyo ang Kumpare ni Mang Turne na taga-Kaingin, 'yung sasagot daw sa karneng ihahanda, na tumupad naman sa pangako.)

Patuloy ang inuman. Nguni't hindi nahahalata nina Mang Turne ang paglasap-lasap at pagkilakilatis ng PC sa pulutan nilang karne. At nang hindi na makapagpigil ito'y nagsalita: Lolo tila kalabaw itong pulutan natin...

Natutuwa pang sumabad ang kumpare ni Mang Turne na siyang nagdala ng karne: —A, segurado, **kapteyn**... Kalabaw nga 'yan... Ako... ako, kapteyn, ang nagdala n'yan dito... —ang pagmamagaling pa...

—Alam ba naman ninyong ipinagbabawal ngayon ang pagpatay ng kalabaw?

Si Mang Turne at ang kanyang kumpare ay nagkatinginan.

—Malaking kasalanan hu 'yan... —ulit ng PC na masama na ang tingin kina Mang Turne at sa kumpare nito. —Alam ba ninyong maaari kayong mabilibid sa ginawa ninyong iyan?

Bigla rin ang pagsagot ng Kumpare ni Mang Turne: —Ha, e... alam n'yo, **kapteyn**, ang kalabaw na 'yan e, sa kumpare ko at siya ang nagutos sa aking patayin iyan...

Ang PC ay walang imik na tumayo. — —Ikinalulungkot ko, kailangang sumama kayo ngayon din sa akin... Talagang ang isang ito'y hindi ko na mapatatawad... Magagalit na sa akin pati ang Presidente....

Si Mang Turne ang ang mga matang nakatiinakay ng PC. Nananalim tig siya sa kanyang Kumpare. Nang malaman naman ni Aling Ingracia ang nangyari ay umaldabis na nang panangis.

Nagulo ang kasalan! (X)

——oOo——

## Ang Dakilang...

(*Karugtong ng nasa pah. 12*)

kalagayan ng kanilang bayan.

—Kinakailangang magkaroon tayo ng isang pahayagan upang siyang magbandila ng ating mga dakilang layunin. Isang pahayagang magsisilbing tinig natin at siyang magsisiwalat ng mga kahirapang dinararanas ng ating mga kababayan sa kamay ng mga kastila! —matigas na nasabi ni Graciano sa kalipunang iyon ng kanyang mga kabalat.

Lahat ay malugod na sumang-ayon sa mungkahi ni Graciano, kaya't hindi naglipat-araw ay sumulat ang binata sa kanyang mga magulang at humihingi ng salapi upang makapagtatag ng isang malayang pahayagan.

Noong taong 1888, ay itinatag ni Graciano sa siyudad ng Barcelona ang pahayagang "La Solidaridad" at siya ang naging unang patnugot. Sa pamamagitan ng pahayang iyon ay ipinakipaglaban niya ang mga sumusunod:

Kalayaan sa pamamahayag;

Malinis at mabuting pamamahala ng pamahalaang Espanya sa Pilipinas;

Karapatan ng mga paring Pilipino... mahalinhan ng mga Pilipino ang lahat ng mga paring dayuhan;

Kalayaan ng sariling kuru-kuro;

Pagpapaaral sa mga mamamayan;

Ang katalinuhan ng isang tao ay hindi kailangang hadlagan ng manlulupig na kapangyarihan.

Bilang isang mangdirigmang patnugot ng "La Solidaridad" ay lubusan niyang tinalakay ang mga pagmamalupit na ginagawa ng mga paring kastila sa kanyang mga kababayan. Kailan man ay hindi siya sinagilahan ng takot at sa kabila niyon ay lalong naging mabagsik ang kanyang panulat.

Nang sumapit ang ika-15 ng Disyembre, 1889 ay isinalin ni Graciano ang kanyang karapatan bilang patnugot ng "La Solidaridad" sa mga kamay ni Marcelo H. del Pilar. Gayon pa man ay hindi pa rin siya tumigil sa pagsulat ng mga lathalain.

Sa kanyang mga lathala ay hindi lamang ang tungkol sa pagmamalupit ng mga kastila ang kanyang sinusulat. Ipinakilala rin niya sa daigdig at sa matataas na pinuno ng pamahalaang Kastila sa siyudad na iyon na ang mga Pilipino ay hindi mga **Indio** na tulad ng itinatawag sa mga Pilipinong naroroon. Ipinakilala niya na tayo man ay may katutubong awiting dapat ipagmalaki. Bilang katunayan ay isinalin niya sa wikang kastila ang mga katutubong awitin sa sariling bayan na tulad ng **Lolay** ng Iloilo at ng **Balitaw** ng Antique. Sa pamamagitan din ng kislap ng kanyang diwa ay hayagan niyang sinabi sa pamamagitan ng mga pahayagan na kung ang maling pamamalakad ng pamahalaang Espanya sa Pilipinas ay hindi magbabago, ang mga Pilipino ay maaaring mag-alsa laban sa bansang nakasasakop.

Hindi lamang sa pahayagang "La Solidaridad" sumulat ang dakilang propagandista. Sa "Los Dos Mundos" ay sumulat din siya ng mga lathalaing ang bawa't kataga ay naghihimagsik at humihingi ng katarungan para sa kanyang bayan.

Nang sumapit ang buwan ng taglamig ay lubhang nahirapan ang mga Pilipinong nakikipaglaban sa ikalalaya ng kanilang bayan. Kinapos sila sa gastusin, kaya ang ginawa ni Marcelo H. del Pilar ay inutusan si Graciano na umuwi sa sariling bayan upang makahingi ng tulong sa mga kababayang may mabubuting kalooban.

Si Graciano ay umuwi sa sariling bayan noong taong 1890. Nagtuloy siya sa Maynila at sa bahay ni Moises Salvador sa purok ng Sampaloc tumigil na pangsamantala. Ipinagtapat ni Graciano sa kaibigan ang kanyang layon sa pagkakauwi at iyon naman ay hindi nagpabaya. Kusang-loob na tinulungan ang binata sa pangingilak ng salapi.

Sa loob ng ilang buwan ay nakalikom sila ng sapat na salapi, kaya't ang binata ay bumalik na sa piling ng kanyang mga kabalat sa Barcelona, Espanya.

Nang dumating si Graciano sa Barcelona ay kasalukuyang may suliranin sina del Pilar at Rizal. Nang makita ng dalawa ang kanilang kaibigan ay agad ipinakita ang pahayagang kinalathalaan ng isang artikulong tumutuligsa sa mga Pilipinong na sa bansang Espanya. Biglang nag-init ang ulo ni Graciano kaya nang gabing iyon ay agad siyang sumulat ng sagot sa nakalathala at ipinalathala naman sa pahayagang "Los Dos Mundos" na siyang pinakamalaganap na pahayagan sa siyudad na iyon.

Upang lalong maging mabisa ang kanilang pagtuligsa ay naimungkahi ni Graciano kina del Pilar at Rizal na kung maaari ay bigyan nila ng isang bangkete si Don Fernando de Leon y Castillo, at sinabi na niyang ang taong iyon ay malaki ang nagawa sa kapakanan ng mga Pilipino noong maging

## AMA NAMIN...

(*Panawagan sa isang Amang lumisan sa sariling tahanan*)

**Ama namin, masdan mo ang aming kalagayan...**

**Magmula nang kami'y iyong iwan, napawakawak na ang ating kabuhayang unti-unting naitatag sa tulo ng masaganang pawis. Ngayon, ang ating tahanan ay unti-unting inaanay, dumurupok... at nanganganib na tuluyang gumuho. Sa paano, ikaw lamang ang pinakamatibay na haliging sandigan ng tahanang ito!**

**Batid naming nilisan mo kami dahil sa lalong mga dakilang layunin. Nais mong makapaglingkod sa ating bayan kaya pumagitna ka sa larangan...**

**Hindi masama... at sa katotohanan, naputong na sa iyo ang maraming laurel na di maaagaw ng sinuman, naisin man nilang angkinin.**

**Subalit masaklap!**

**Sa kabila ng ginagawa mong pagpapakasakit... katakatakang may mga namumuhi pa sa iyo at nais kang sabuyan ng putik! (Talagang likas na yata sa mundong ito na magkaroon ng mga kaaway ang isang nagpapakagiting!)**

**Ano ngayon ang nakatakdang tamuhin mo pagkatapos ng lahat...? Ano ang kabuluhan ng mga papuring iuukol sa iyo, kung sisipot naman ang mga taong gagawa ng lahat nang kaparaanan upang ikaw ay ibagsak at dulutan ng mga kaligaligan? Diyata't iyan pa ang iyong aanihin...?**

**Masakit!...... Talagang napakasakit!**

**Kaya, umuwi ka na sa ating tahanan... kailangan ka namin. Tulungan mo kaming makabangon sa kawawang kalagayan pagkatapos mong makapaglingkod sa ibang kinapal. Naibigay mo na ang sa ganang kanila... at wala nang makasusumbat sa iyo bumalik ka man sa sarili mong tahanan — na siyang una at higit sa lahat ay nangangailangan ng iyong kalinga!**

**Ama namin... bumalik ka sa aming piling!**

**—Diyunyor**

ministro sa Pilipinas. Sa pagkakataong iyon ay hindi lamang si Don Fernando de Leon y Castillo ang kanilang aanyayahan kundi pati na ang matataas na tao ng pamahalaan at lipunan ng lunsod na iyon.

Ang dalawa ay hindi t u m u t o l sa mabuting mungkahi ni Graciano. Hindi naglipat-linggo at isinagawa nila ang balak. Hindi naman nasiphayo ang tatlo pagka't ang lahat ng kanilang pinadalhan paanyaya ay pawang nagsidalo.

Sa pagtitipong iyon ay nagtalumpati si Graciano Lopez Jaena at minsan pa niyang tinalakay ang nalathala sa isang pahayagan na tumutuligsa sa mga Pilipino at gayon :n ang mga dakilang simulain ng "bayang api."

"Ang kalayaan ay isang termometro patungo sa pag-unlad ng isang bayan. Sa Pilipinas, ang kalayaan ay isa lamang madilim na panaginip. Papaano maipakikilala ng mga Pilipino ang kanilang mga sariling katangian kung ang nagiging bunga ng bawa't buting kanilang magawa patungo sa kaunlaran ay tinutumbasan lamang ng kaparusahan... ang sila ay barilin sa parang ng Bagumbayan o dili kaya ay ipatapon sa pulo ng Marianas..."

Napatigagal ang mga nakikinig sa mga binigkas na iyon ni Graciano. Sa kanilang sarili ay napatotohanan nila na ang mga Pilipino ay sadyang "may ilalabas" kung mapagkalooban ng ganap na kalayaan at pagkakataon sa kapakanan ng kanilang sarili at ng kanilang bayan.

Marami pa sanang bagay na magagawa is Graciano na pawang mahalaga sa kapakanan ng kanyang bayang tinubuan, Nguni't ang mga iyon ay hindi na nangyari nang ang dakilang propagandista ay maratay sa karamdaman sa isang pagamutan sa siyudad ng Barcelona. Sa kanyang pagkakasakit ay walang laging na sa kanyang tabi kundi si Marcelo H. del Pilar at ilang matatapat na kaibigan. Hindi nagtagal ang karamdaman ni Graciano, at noong ika-20 ng Eenero, 1896 ay binawian siya ng buhay na hindi man lamang nakikita ang naging bunga ng kanyang mga pagpapakasakit tungo sa ikalalaya ng kanyang bayan. (X)

## Mga Suliranin...

(*Karug. ng na sa p. 8*)

ng lakas ng loob na ipagtapat sa iyo ang kanyang nakaraan. Inaasahan ko namang kapag nagawa mo ito ay lalo niyang makikilala ang iyong katapatan at kadakilaan, sapagka't sa isang pangyayaring tulad ng binanggit mo ay hindi madali ang magpatawad at lumimot kung hindi talagang tapat ang pagmamahal na iniuukol mo sa kanya. — MARISSA.

——oOo——

## Sining...

(*Karugtong ng na sa pah. 11*)

kayo'y may patutunguhang mahalagang bagay o kaya'y kayo'y maysakit at hindi maaaring pakiharapan. Mabuti na ang maging magalang kaysa lumikha pa ng hindi kanais-nais na pakikipagtalo o kagaspangan ng asal upang di kayo makaroon ng kaaway. Kung magalang ang isang tao at mabait makisama ay iginagalang din siya ng iba, subali't kung magpapamalas ng kagaspangan ng ugali sa iba ay mawawalan siya ng kaibigan at paggalang mula sa kapuwa.

Ang isang maliit na tinitirahan ay hindi suliranin sa pagkakaroon ng kalugod-lugod na salu-salo. Ang isang "informal buffet" ay higit na nababagay sa maliit na **apartment** sapagka't ang mga panauhin ay maaaring maglingkod sa kanilang sarili at tatamasahin pa nila ang pagpapalagayang higit kaysa malawak na pook na pinagdarausan ng kasayahan.

Kung magpapasayaw sa inyong **apartment** sa lunsod, gumamit ng matingkad na kulay ng kotso at bagayan ito ng kulay ng lobo na nakakabit sa mga dingding.

Kung kayo naman ang siyang naaanyayahan sa isang pagtitipon, hindi magiging pangit para sa inyo ang humingi ng paumanhin sa hindi pagdalo kung kayo'y nakararamdam ng pamimigat ng katawan at ng ano mang karamdaman. Ipaalam ito sa nag-aanyaya upang maisaayos ang mga bagay-bagay at hindi kayo asahan sa pagdalo.

——•☆•——

## Sa Ibabaw ...

(*Karugtong ng na sa pah. 15*)

bag ang kalooban ni Mang Karyas.


—Bumalik ka na sa kanila, —aniya sa anak. — Sabihin mong parito na. Huwag na 'ika mo silang magdala ng mga palayok at pinggan. Mga damit na lamang. Baka hindi makarga ng ating karitunan.

Dalidaling umalis is Mario. Nang bumalik ay kasama na ang mag-ina ni Linda na may sunong na tigisang balutan.

Dati nang kakilala ni Aling Sinay ang magasawang Mang Karyas at Aling Inggay. Sinalubong ni Aling Inggay si Aling Sinay, at tinulungang mag-ibis ng sunong.

Palakad na sila nang biglang sumpungin ng sakit ng tiyan si Aling Sinay. Iyon ang dati niyang sakit na nagparatay sa kanya sa banig. Siya namang pagkarinig nila ng hihip ng sirena babala ng panganib na dumarating. Dali-daling nagpanakbong patungo sa hukay sa likod-bahay sina Fred at Victor, kasunod sina Aling Inggay at Mang Karyas. Nang balingan ng tingin ni Mario si Aling Sinay ay nakita niyang namimilipit ito sa sakit. Hindi lumalayo si Linda sa tabi ng ina.

(ITUTULOY)



**ANTO:** Ngayon ko lang nalamang lahat pala ng dalaga rito sa ating nayon ay ayaw pang mag-asawa.
**TIBO:** Pa'no mo nalalaman?
**ANTO:** Isa-isa kong niyayang pakasal sa akin, e, walang pumayag!

---

**NENE:** Inay, ba't n'yo inibig ang Tatay?
**INA:** 'Yan din ang matagal ko nang iniisip, anak.

---

**NENA:** Honey, hagkan mo ako!
**TINO:** Alisin mo muna 'yang lipstick mo. Mahirap na, malinaw na ebidensiya 'yan.

---

**BINO:** (Lasing) Utang na loob, pabayaan mo 'kong uminom nang uminom! Ano'ng pakialam mo kung mamatay man ako sa kaiinom?
**ANDOY:** Wala nga. Pero, anak ka ng Tatay mo, aking alak 'yang iniinom mo!

## Sa Ugat...

(*Karugtong ng na sa pah. 16*)

may g a w a i n... Ang taong talagang nagnanais na gumawa ay laging nakakakita ng magagawa.

Nabigo ako sa mga unang araw ng aking paghahanap ng gawain. Subali't hindi rin ako nanghihinawa. Araw-gabi'y naglilimi ako... Ang suliranin ko'y hanapbuhay ... paano ko malulunasan iyon?

Nabalitaan kong 'malakas' at hindi mahiya ng sino mang pinuno ng iba't ibang tanggapan ang kalihim ng gabinete sa Malakanyang. Paano ko malalapitan ang taong iyon nang hindi ako mabibigo? Kailangang tuntunin ang ugat. Nabalitaan ko ring may isang matalik na kaibigan ang kalihim na hindi maaatim na hiyain nito. Paano ko malalapitan ang kaibigang iyon? Nakibalita pa ako. At natunton kong isang kamaganak kong taga-Naik ang maaaring makalapit nang di mahihiya ng kaibigang iyon ng kalihim. Iyon ang ugat!.Iyon ang kalutasan! At, napasok ako sa isang tanggapan.

Nakapag-aral ako sa isang litaw na pamantasan sa gabi. At doon ko nakilala ang kauna-unahang babaing natutuhang pakaibigin nang taos ng aking puso. Naging malaki ring suliranin ko ang pagligaw kay Lydia na isang mailap at mahinhing babae. Subali't natunton ko ang ugat ng kanyang karupukan at nakuha ko siya.

Nagkasundo kaming pakasal. Isa na namang suliranin iyon. Natatandaan ko ang malimit sabihin ng aking ama...

—Sino man sa mga anak ko ang mag-asawa ay nais kong magsarili na agad upang maranasan ang magdala ng pananagutan. At kung lalaki ay ayaw kong gagambalain pa ako sa pag-aasawa.

Kung magsasabi pa kami sa magulang ni Lydia ay tiyak na hihilinging makausap muna ang akng magulang. Ayaw kong gambalain ang magulang ko pagka't natitiyak kong mapapahiya lamang ako. Isa na namang suliranin iyon. At ginawa ko ang tanging lunas. Hinikayat ko si Lydia na pakasal na kami nang lihim. Natupad ang aming pangarap nang walang nakatatalos. Umupa kami ng isang silid. Wala kami ni ano mang kasangkapan. Napakaliit ng kinikita ko. Subali't hindi rin ako nasiraan ng loob. Walang suliraning hindi nalulutas, n a i s as aloob kong lagi.

Nanghiram muna kami sa kasera ng mesa at u p u a n. Pinagtiyagaan muna naming gamitin ang tagpiang kulambo at punit na banig. Una naming binili ang mga pangunahing k a i langan: isang kalderong saingan, isang lutuan ng ulam, dalawang pinggan, dalawang pares ng tinidor at kutsara at isang baso. Nanghihiram na lamang muna kami ng kawali. Hanggang sa mabili namang lahat sa paunti-unti ang mga kailangang kasangkapan.

Nagulat na lamang ang a k i n g mga magulang nang matalos nila ang katotohanan. Noon gumawa ng hakbang ang aking ama upang makipag-ayusan sa mga magulang ni Lydia. Naayos naman ang lahat.

Subali't may isa pang suliraning sa ganang akin ay napakalubha at hindi ko makayang ihanap ng kalutasan. Isinangguni ko iyon sa aking ama pagka't lagi akong ligalig. Napakabigat na dalahin ng puso ang panibugho.

—Karaniwan lamang iyan sa bagong nag-aasawa... lalo pa nga't ganyang maganda ang asawa mo. Nguni't ito ang masasabi ko sa iyo: Ang

(*Buklatin sa pah. 31*)




MANDRAKE ang SALAMANGKERO
nina LEE FALK at PHIL DAVIS
SA HIMPILAN NG MGA MANGKUKULAM: ISA-ISANG PINAPAPASOK ANG MGA TAUHAN DOON SA UTOS NG "DAKILANG MANGKUKULAM--
ANO'NG NANGYAYARI SA LOOB? WALA SILANG IMIK PAGLABAS!
ANO KAYA'NG SINASABI NG DAKILANG MANGKUKULAM?
SUSUNOD!
BABALIK KA AGAD SA IYONG TRIBO. IHAYAG MO ANG IYONG MGA LIHIM --SABIHIN MONG ANG LAHAT NG MANGKUKULAM AY HUWAD!
TAN NG HIPNOTISMO NI MANDRAKE NA PUMALIT SA LUKLUKAN NG KANILANG PUNO!
LUMALABAS SILA SA KUWEBA AT LILISANIN ANG BUNDOK--HABANG NA SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NI MANDRAKE!
ISA ANG NAGAGANAP SA BAWA'T TRIBO--
?!
WALA KAMING MAHIKA BLANKA. GUMAGAMIT LAMANG KAMI NG MGA LASON AT PANLILINLANG. AKO'Y HUWAD. LAHAT NG MANGKUKULAM AY HUWAD.
NAKAALIS NA SILANG LAHAT. NGAYO'Y SUNUGIN NATIN ANG HIMPILANG ITO--PARA MALAMAN NG LAHAT NG TRIBO ANG PAGLALAHO NITO!
PAGKATAPOS--SA ATING BANGKA--PAUWI!
© 1956, KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
MAKIKITA NILANG LAHAT 'YAN. ANG WAKAS NG MGA MANGKUKULAM--AT ANG KANILANG BUHONG NA PAGHAHARI SA KAGUBATAN!
KAY-INAM MAKAPAGSUOT MULI NG BESTIDO! SAPAT NA MUNA ANG PANUNUKLAS KO.
11-11
SUSUNOD: BAGONG PAKIKIPAGSAPALARAN-




(ANG PANGALAN NG MGA TAUHAN AT ANG MGA PANGYAYARING BUMUBUO SA MGA KUWENTONG NALALATHALA SA MAGASING ITO AY PAWANG KATHANG-ISIP LAMANG NG SUMULAT. ANG ANO MANG PAGKAKAHAWIG SA TUNAY NA BUHAY O PANGALAN NG SINOMANG TAO, BUHAY MAN O PATAY, AY ISANG PAGKAKATAON LAMANG NA DI SINASADYA)


PAKANLURAN ANG MGA WEGON!
ni
WALT DISNEY
UPANG MAGSAAYOS NG MGA KAGAMITAN, ANG MGA WEGONG PATUNGONG OREGON AY HUMIMPIL SA TAPAT NG KAMPO NG MGA SIOUX...
PUMARITO SILA UPANG MANGALAKAL. WALANG KABULUHANG UMIWAS SA KANILA! ANG BAYAN NILA'Y MALAYO SA POOK NA ITO!
MA'NO KUNG ISIPIN NAMING LUMAYO SA KANILA!
HMM, WALA NGANG MAWAWALA KUNG LALAYUAN SILA! SABAGAY, NAUNA RITO ANG MGA SIOUX!
MAGLINIS ANG KABABAIHAN AT ANG MGA LALAKI'Y NAGTRABAHONG NAKAMATA SA KAMPO NG MGA INDYAN...
DOKTOR JOHN, KAILAN TAYO MULING MAGLALAKBAY?
KAPAG GANAP NA TAYONG NAKAPAMAHINGA...AT NAKUMPUNI NA ANG ATING MGA WEGON...
BANTAYAN MONG MABUTI SI MYRA HABANG NAHIHIMPIL TAYONG MALAPIT SA MGA INDIYAN!
GAGAWIN KO, KAPITAN STEPHEN--NGUNI'T BAKIT HIGIT NA PAGBABANTAY SA KANYA KAYSA IBANG MGA BATA?
SAPAGKA'T MAIBIGIN SA GINTO ANG MGA SIOUX--LALO NA KUNG ITO'Y NASA BUHOK NG ISANG BATANG BABAING PUTI!
!
© 1956 Walt Disney Productions World Rights Reserved
SAMANTALA, SA HIMPILAN NG MGA INDYAN, MAPANURING MGA MATA ANG NAGMAMANMAN SA KAMPO NG MGA MANLALAKBAY...
Distributed by King Features Syndicate.
...LALO NA ANG MGA MATA NG DAKILANG MANGGAGAMOT, SI MAB TUIN...
ITUTULOY...


Tarzan
by EDGAR RICE BURROUGHS
NALAMAN NI TARZAN NA PINAGHAHANAP NI WALTER KEYS ANG KANYANG PA-MANGKING BABAE NA INAASAHAN PA RIN NIYONG NAKALIGTAS SA KAMAY NG MGA TAONG-GUBAT.
NAGSUMAMO SI WALTER SA TAONG-UNGGOY. "MATUTULUNGAN MO BA KAMI? KATUNGKU-LAN KONG PATUNAYAN MAN LAMANG NA SIYA'Y PATAY NA--"
"KATUNGKULAN MO RIN BANG IDA-MAY KAMI?" PA-NUNUDYO NI JOE RICE. "HUMINA-KA," SAMBOT NI TARZAN. "MA-KAPAG-IINGAT TAYO--"
10-14
1336
"NABALIK NA ANG MGA SANDATA NINYO. MAGSA-SALIKSIK PA BA TAYO?"
AT GUMAYAK ANG TATLO. HINDI NILA ALAM NA SILA'Y NATUK-LASAN NA NG ISANG MA-BALASIK NA KATUTUBO--
DICK VAN BUREN
JOHN CELARDO
NA MADALING NAGSUPLONG SA ISANG KA-SAMANG MAY PIGIL NA MGA TSITA, MABA-BANGIS NA PUSA NG APRIKA NA TINURUANG MANILA NG MGA TAONG-PUTI!
(TUTULOY-
Copr 1956, Edgar Rice Burroughs, Inc.—Tm. Reg. U.S. Pat. Off.
Distr. by United Feature Syndicate, Inc.


# señor MISERABLE

Nobela ni
PATROCINIA R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER E. ESQUIVIAS

IKA-24 Labas

Ang nakaraan —

IIWAN NA LAMANG NI MAXIÑO ANG SANGGOL SA MAY HAGDANAN NG KUBO NI AUGUSTO NANG MAKITA NIYANG MARAMING SALAPI ANG BINATA. PINALUKA NIYA ITO SA ULO, TINANGAY ANG SALAPI AT INIWAN ANG BATA. NANG MATAUHAN SI AUGUSTO'T MAKITA ANG BATA'Y NAISIP NA BAKA ANG BATANG IYON ANG MAGDUDULOT NG PAGBABAGO SA KANIYANG BUHAY, AT IPINASIYANG MALAGAAN!






# Ang "LO' WAIST GANG" sa "ARMY"!

Katha ni JOSE C. GARCIA



**TUNAY NA PANGYAYARI**

# WALANG KAPANTAY

*Pagtatapat ng isang kawal*

*Kay Benito R. Cadiz*



"Kinabukasan, nadatnan ko na lamang na..."

ANG aking kasaysayan ay isa nang bukas na aklat. Marami na ang nakababatid. Nguni't minarapat kong muling isalaysay ngayon upang maging salamin ng aking kapwa, sapagka't may itinuturong magandang aral.

Binatilyo't dalagita pa kami nang lihim na magsuyuan ni Lena. Ang aming pagmamahalan ay tinaglay namin hanggang sa kami'y ganap na maging dalaga at binata.

—Diyata't si Lena ang napili mong mag-ari ng iyong pangalan? —nasabi sa akin ni Ama nang ipagtapat kong kami'y nagkakaibigan ni Lena at nais na naming "lumagay sa tahimik." Ayaw sila kay Lena sapagka't mahirap, bukod sa walang naabot na mataas na pinag-aralan.

Ipinagtanggol ko ang aking kasintahan. Sinabi ko sa aking ama na ang kaligayahan sa pag-aasawa ay hindi natatagpuan sa salapi, at sa karunungan. Ipinakipaglaban ko ang aking karapatan sa pag-ibig.

At nanaig ang aking kalayaan sa paghirang ng kaisang-puso. Tutol man ang aking mga magulang ay napakasal kami ni Lena.

Naging maligaya ang aming pagsasama. Ang akala ko'y hindi na mangungulimlim ang langit ng aming pagmamahalan, hanggang sa sumapit ang isang maulap na yugto sa aming buhay.

Isang kapitbahay namin ang naging sanhi ng lahat —si Marta. Nagkaroon sa akin ng pag-ibig si Marta sa kabila ng pagkabatid niyang ako'y mayroon nang pananagutan. Inakit niya ako nang gayon na lamang... hanggang sa ganap akong matukso ng kanyang kagandahan.

At naging malimit ang lihim na pagtatagpo namin ni Marta. Nagpapalipas kami ng maliligayang sandali sa kung saan-saang pook. Unti-unti ko nang napabayaan ang tungkulin ko sa aking asawa.

Hindi lamang iyan. Dumating pa ang araw na naging laging mainit ang aking ulo at si Lena ang napagbubuntuhan. Malimit ko na siyang daragan, hanggang sa nang lumaon ay natuto akong magbuhat sa kanya ng kamay. Aywan ko kung bakit ako nagkagayon. Talaga yatang ang lalaking may ibang kinahuhumalingan ay nakagagawa ng mga bagay na hindi marapat sa tunay na kabyak ng dibdib.

Subali't naging mapagpaumanhin si Lena. Kahit na nalaman niya ang katotohanan tungkol sa amin ni Marta ay wala man lamang siyang binanggit tungkol doon. Hindi niya ako pinagsabihan, o sinumbatan man lamang, bagaman di naikaila sa akin ang lihim na pagdurugo ng kanyang puso.

Lumubha ang kalagayan ng mga bagaybagay, nang isang araw ay umuwi akong lasing pagkatapos na magtipan kami ni Marta sa isang otel. Talampakang sinabi ko kay Lena na mayroon akong ibang iniibig. Na siya'y kalabisan na sa aking buhay at higit akong magiging maligaya kung siya'y mawawala na sa aking landas.

Tulad ang dati, hikbi lamang ang naging katugunan sa akin ni Lena. Hindi siya nakipagsagutan man lamang sa akin. Nanatili lamang siyang nakatungo na nanatak ang luha.

Nang gabing yaon, naging magiliw sa akin si Lena. Hinaplus-haplos pa ako sa noo samantalang kami'y nakahiga...

—Alam kong nanghihinawa ka na sa akin, —gumagaralgal ang tinig niyang wika. —Nguni't ito ang tandaan mo: pinakaiibig kita, at ano man ang mangyari ay ikaw pa rin ang panginoon ng aking puso!

Mahigpit pa niya akong niyakap na walang tigil ang pagpatak ng kanyang luha.

At iyon na ang huling gabi ng pag-ibig sa akin ni Lena. Kinabukasan, nang ako'y umuwi ng bahay buhat sa aking pinapasukan, ay naratnan kong isa na siyang bangkay. Sa ginawang pagsisiyasat ng mga tiktik, lumitaw na uminom ng maraming tabletas ang aking asawa —isang uri ng tabletang pamawi ng kirot at sakit ng ulo. Masakit na masakit daw ang ngipin ni Lena, ayon sa ilan naming kapitbahay, at marahil ay sumobra ang nainom na tabletas. Iyon ang nakasama, kaya nadisgrasyang namatay.

Hindi ko rin naiwasang lumuha sa pagkamatay ng aking asawa. Lalo na nang mabasa ko ang iniwan niyang sulat sa akin, na walang ibang nakababatid kundi ako lamang. Ang sulat na iyon ay nanatiling lihim sa mahabang panahon, at ngayon ko lamang ibinubunyag sa madla. Naito ang liham:

Pinakamamahal kita, asawa ko. At yayamang sa pagkawala ko ay doon ka magiging lubos na maligaya, binibigyan kita ng ganap na kalayaan. Alam ko ang dahilan ng lahat, si Marta. Kaya, upang maging lubos na ang iyong kaligayahan ay kusang kikitlin ko ang aking buhay sa isang naibang kaparaanan. Magdadahilan akong masakit ang ngipin. Ipamamalay ko sa ating mga kapitbahay at iinom ako ng maraming tabletas na pamawi ng kirot. Nakasasama raw iyon, at maaari akong mamatay. Kung magkagayon, mawawala ako sa iyong buhay sa isang kaparaanang hindi makapagdudulot ng kaligaligan sa sinuman.

Paalam .. at nawa'y maging maligaya ka sa piling ng babaing ipinalit mo sa akin. —Lena.

Hangga ngayon, madalas kong mapanaginip si Lena. Lalo na ngayong ako'y iwan ni Marta at sumama sa ibang lalaki. Ngayon ko napagdidilidili ang lahat —ang pagkakaligaw ko ng landas, ang nagawa kong pagkakasala... ang kadakilaan ng aking asawa.

Subali't huli na ang lahat. Wala nang kaparaanang maaari akong gawin upang maibalik ko siya sa aking piling.

Kaya nga ako ay nagkawal. Ang nagawa kong pagkakasala sa aking kabyak ay sinikap kong mapagbayaran sa paglilingkod sa aking bayan. Subali't malimit ko ring mapanaginip si Lena. Sa palagay ko'y hinihintay niya ako sa kabilang buhay. Sa kabila ng lahat ay minamahal pa rin niya ako at pinatatawad, kaya nga naghihintay pa rin siya sa akin.

At nakikinikinita kong kami'y muling magsasama ni Lena sa ibang daigdig upang doon ko ipadama sa kanya ang aking pagsisisi sa nagawa kong pagkakasala. Nalalaman kong susunod na rin ako sa kanya. Sapagka't ako'y may sakit, isang karamdamang hindi mapagaling ng mga manggagamot. Hinihintay ko na lamang ang aking huling oras.

Hindi na nga magtatagal at susunod na ako sa kanya... kay Lena —sa aking asawa na masasabing isang babaing uliran sa pag-ibig at walang kapantay! (X)

*Mga Piling Dahon sa* **AKLAT NG BUHAY**

Guhit ni Terry Bautista



## Iba't-ibang KULAY sa PUTING-TABING

Ang mga bituin ng Hollywood na magsisilabas sa "The Day of the Trumpet" ng C. H. Santiago Film Organizaion ay nagsidating sa Maynila noong Linggo ng umaga. Naging masaya ang pagsalubong sa kanila ng mga pinuno ng C.H.S.F.O. at ng mga bituin ng Premiere Productions, at kinagabihan ay hinandugan pa sila ng "cocktail party" sa Filipinas Hotel, kasama ng mga mamamahayag at ng mga bituing Pilipino.

Ang mga bituin ng Hollywood na magsisilabas sa "The Day of the Trumpet" ay sina Richard Arlen, Myron Healey, Bill Phipps at John Agar. Ang huli'y naging kabyak ng bituing si Shirley Temple ng Hollywood. Kasama nilang nagsisitupad ng mga pangunang papel sa nabanggit na pelikula sina Alicia Vergel, Pancho Magalona at Cielito Legaspi, sa pamamahala ni Direktor Eddie Romero.

Nang kapanayamin ng mga mamamahayag, nagpahayag ang mga bituing Amerikano ng labis na kasiyahan sa malugod na pagtanggap at pakikitungo sa kanila ng mga Pilipino. Sinabi ring isang karangalan para sa kanila ang makalabas sa pelikulang Pilipino na kasama ng mga bituing Pilipino.

Kinabukasan din ng araw na dumating sa Maynila ang mga bituing amerikano ay sinimulan nang isapelikula ang "The Day of the Trumpet" sa Vigan, Ilokos Sur. Inaasahang matatapos ang pagsasapelikula sa loob lamang ng maikling panahon upang maitanghal sa ibang bansa. Ang pelikulang ito ay siyang kauna-unahang pelikulang Pilipino na ipamamahagi sa may 4,000 dulaan sa Estados Unidos.

Ang "The Day of the Trumpet" ay kabilang sa maitatanging mga pelikula dahil sa pangyayaring nilalabasan ng mga tanyag na bituing amerikano. Si Mr. Arlen ay kilala na ng madla at may tatlumpung taon nang karanasan sa paglabas sa mga pelikula sa Hollywood. Si Mr. Healey ay lumabas na sa may 400 pelikulang amerikano, kabilang ang "Monsoon" na ginawa sa Indiya may ilang taon na ang nakalilipas. Si Mr. Phipps ay lumabas na rin sa di-mabilang na pelikula at nakarating na sa Pilipinas noong mga unang araw ng liberasyon. Siya'y kabilang sa hukbong-dagat ng Estados Unidos at kasama ng mga kawal na nagpalaya sa Kapuluan. Samantala, si Mr. Agar ay naging opisyal sa hukbong amerikano, at luma- ... king pelikulang ginampanan niya ang "Sands of Iwo-Jima," "Fort Apache" at "She Wore a Yellow Ribbon".

---

Talagang ang "Lo Waist Gang" ay hindi malalalaki nang gayun-gayon lamang. Ito'y pinatutunayan ng isang pangyayaring naganap kamakailan pagkatapos ng siyuting ng "Bakasyon

Pauwi na noon sa Maynila at lulan ng isang bapor sina Zaldy Zshornack, Boy Sta. Romana at Butch Bautista buhat sa pagsisiyuting sa Sebu, nang lapitan sila ng tatlong lalaki. Niyaya silang magpalipas ng oras sa paglalaro ng baraha, at malugod naman nilang pinaunlakan.


Sa simula'y laro lamang, nguni't nang luma-


# Isang Kaugaliang Pilipino...



Sa mga baryo ng Mandayan sa Mindanao: Sa pagdiriwang ng pista, ang pinaka-ulo ng pamilya sa tribu ay naghahagis ng isang sibat sa isang tumpok na pili na nakalagay sa isang di-maayos na altar na pinaliligiran ng mga taong nagsasayaw ng "pandigmang" sayaw. Kapag nasapul niya ang mga pili at mayroong nahulog, ang paniwala nila'y magkakaroon ng sakuna sa kanilang bayan, kung wala namang mahulog ay tatanggap sila ng biyaya.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng—



## GINEBRA SAN MIGUEL

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834"*


Sa loob ng mahigit na isang daang taon, ito ang kinagigiliwan sa mga kapistahan at mga pagtitipon sapagka't LASA ANG NAGSASABI! Sumasarap lalo ang mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL.

*isang produkto ng*

**LA TONDEÑA, INC.**

**MAKINIG SA:**

"Edong Mapangarap", DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 nang gabi; "Mga Kuwento ni Lola Basyang", DZPI, Biyernes, ika-8:00-8:30 nang gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest", DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 nang gabi.



Sina Emma Alegre, Carmen Soriano at Lourdes Galicia, sa isang tagpo sa "DALAWANG INA" ng LVN na naglalarawan ng malungkot na kasaysayan ng isang ina.



Nabigla si Rosita Noble sa pag-usig ni Ramon D'Salva tungkol sa nawak na hiyas. Ito'y tagpo sa "DOKTORA MILAGROS" ng Filandia Pictures na pinamamahalaan ni J. Val Rico at tinatampukan ni Fred Montilla.

Naghuhuntahan sina Direktor Armando Garces at ang ilang bituin ng "TARHATA" (Sampaguita). Kasama sa larawan sina Fred Montilla, Eddie Garcia, Pepe Salameda, Van de Leon Ric Mirasol at Vic Van de Leon, Ric Mirasol at Vic Guevarra.



on ay nagkatuwaan sila, sa amuki na rin ng tatlong lalaki, na magpustahan nang kau-kaunti. Bilang pagbibigay, pumayag din ang tatlong kasapi ng "Lo 'Waist Gang." Nagpustahan sila sa larong "black jack". Nguni't nang matagalan, unti-unti nang lumakas ang pustahan hanggang sa ang singkuwe-singkuwenta lamang ay maging piso-piso na, dala-dalawa, tatlo-tatlo... at hanggang sa umabot ng sampu-sampung piso.

Napasubo ang tatlong artista, at nalaman na lamang nilang sila'y natatalo ng malaki pagkaraan ng maraming sandali. Ang ipinagtataka nila, sa tuwing maliit ang kanilang taya o pusta ay tumatama, nguni't kapag malaki na ay talo!

At nadiskubre nila ang "milagro" nang dakong huli. Dinadaya sila ng tatlong lalaki sa pamamagitan ng mahuhusay na kaparaanan. Kaya, hinuli nila sa aksiyon ng pagdaraya ang sumusuksok ng baraha.

At mangyari pa, nagkaroon ng "bakbakan". Hindi napalampas ng tatlong bituin ang ginawang "paglamang" sa kanila at gumanti sa pamamagitan ng balugbugan.

Napadapa ang mga magdaraya at sa takot ay isinasauli ang natalong salapi ng tatlong artista. Nguni't bilang pagpapakamaginoo pagkatapos ng lahat, hindi na tinanggap ng tatlo.

"Gastusin na lamang ninyo 'yan sa pagpapagamot ng inyong mga bukol!" ang sabi pa ni Zaldy.

——oOo——

## Sa Ugat

(Karug. ng na sa p. 20)

babae, kahi't anong paghihigpit ang gawin mo, pag talagang malikot ay hindi mo masusupil at makagagawa rin kahi't papaano. Subali't kung magkagayon man, bagay na matibay ang paniwala kong hindi katulad ng asawa mo ang gagawa ng gayon, ay huwag kang hahatol agad at huwag kang maniniwala sa balita. Alamin mo ang katotohanan, manubok ka, at kung mahuli mo, ay isauli mo nang mahusay sa kanyang magulang at maghiwalay kayo. Subali't sa sandaling makipaghiwalay ka ay huwag ka nang makikisama uli. Iyan ang tandaan mo. Ganyan ang lalaking may karangalan!

Sa pag-uusap namin ng aking ama ay nasagi ng bisig ko ang isang bote ng inuming pampalamig at nabuwal iyon. Napatama iyon sa orasang pangmesa at sa pagkabigla ko'y nasagi ko pa ang mesa na ikinabagsak ng orasan sa lapag. Mahal na mahal ng ina ko ang orasang iyon pagka't umano'y kay tagal niyang inimpok ang ibinili niyon. Sa labis kong panghihilakbot nang makitang nabasag ang orasan ay iyon ang tinangka kong damputin agad. Subali't maagap na nakapagsalita ang aking ama sa isang iglap.

—Iyong bote ang damputin mo...!

Dinampot ko ang bote na ang laman ay umagos sa mesa.

—Punasan mo muna ang mesa saka mo damputin ang relo.


Nang madampot ko ang bote ay kalahati pa ang nalabing laman.

—Kung hindi mo dinampot agad iyan, di sana'y umagos na lahat ang laman niyan at nabasa ang buong mesa. Mabubuo mo pa ba ang relo kung damputin mo man agad?

Kinagabihan ay ayaw pang mag-uma-umalis sa dili-dili ko ang sinabi ng aking ama. Nag-ibayo tuloy ang paghanga ko sa kanya. Mabilis siyang magpasiya, subali't tumpak naman.

Nagunita ko tuloy ang ikinuwento niya sa aming minsan nang iisa pa raw ang anak nila at ni hindi pa ako ipinaglilihi. Nabalitaan ng ama ko na may lumiligaw sa aking ina... isang dating kaibigan niya na may isa na ring anak. Nanubok na minsan ang aking ama at napatunayang totoo nga ang kanyang nabalita. Kung wala siya ay umaakyat ng ligaw ang kaibigan niya. Kunwa'y siya muna ang hahanapin at pag natiyak na wala siya ay saka didiga nang husto!

Hindi kinagalitan ng ama ko ang aking ina. Pinagpayuhan lamang na mag-ingat at maging handang lagi sa pagtatanggol. Hindi rin kinausap ng ama ko ang kaibigan niya hinggil sa bagay na iyon. Masaya pa rin siyang nakikipagbatian at hindi nagpapahalata. Para sa akin ay napakabigat na lalo ng suliraning iyon. Baka kung sa akin nangyari ang gayon ay magkimkim na ako ng poot laban sa kaibigan ko at maghiganti nang marahas. Subali't kaibang-kaiba ang ginawang paglutas ng aking ama. Isang



**Nang dumating sa Maynila noong Linggo ng umaga ang mga bituin ng Hollywood na sina John Agar, Bill Phipps at Myron Healey upang magsilabas sa "THE DAY OF THE TRUMPET" ng C. H. Santiago Film Organization. Kasama nila sa larawan sina Prodyuser Manuel Vistan, Jr. at Cirio H. Santiago.**

nakatutuwang paraan. At napakadaling gawin.

Hindi lamang niya inakyat ng ligaw ang asawa ng kaibigan niya. Pinadalhan pa niya ng mga sulat ng pag-ibig. Inaraw-araw niya ang pagdaan sa harapan ng bahay at kahi't naroon ang lalaki ay tinatawag niya ang babae upang batiin lamang. Lagi siyang maraming sinasabi.

Nang minsang magdaan ang aking ama sa harapan ng bahay ng kaibigan niya ay naratnan niyang nagsisibak ng kahoy ang lalaki. Binati muna niya ito saka tinawag ang babae.

—Ibig mo ba ng bayabas? Dadalhan kita rito mamaya?

—Oo, iyong mga hinog, hane? Ipaninigang ko...

Nabalitaan na ng kaibigan ng aking ama ang ginagawa niyang pagligaw sa asawa nito kaya napakalimit mag-away ng mag-asawa. Pagkaalis ng ama ko noon ay nakatikim ng sampal ang babae. Subali't sa kabila ng mga kalupitan at paghihigpit ng lalaki ay napaibig pa rin ng ama ko ang asawa ng kanyang kaibigan. Gayonman ay hindi naman niya "pinapatulan". Araw-araw naman ay kinukumusta ng ama ko ang aking ina at paminsan-minsan ay sinusubukan. Isang araw ay nakita niyang nagpupumilit ang lalaki na makaakyat sa aming bahay. Nang ipinid ng aking ina ang pintuan ay sa bintana nagsumikap na umakyata ang kabilgan ng aking ama. Subali't nang malapit nang makaakyat ay biglang isinara iyon ng aking ina at hinambalos ng tukod ng bintana sa ulo ang lalaki na napasigaw at bumagsak sa lupa.

Kinabukasan ay hiyang-hiyang nakipagusap ang lalaki sa aking ama.

—'Pare, marahil ay ito na ang magiging kahulihulihang kahilingan ko sa iyo at inaasahan ko namang hindi mo ako bibiguin kung gugunitain mong may mabuti rin naman tayong pinagsamahan.

—Ano iyon, Pare? —nakatawang tanong ng aking ama.

—Kung maaari sana'y huwag mo nang ligawan ang asawa ko.... hindi ko na rin bibiruin si kumare....

—Iyon lamang pala, e... masusunod ang gusto mo, 'Pare...!

Napatawa ako sa sandali ng aking pagmumuni. Naisaloob kong lahat nga pala ng suliranin ay may kaakmang kalutasan. Gumaan-gaan ang dalahin ng aking puso. Ganoon ang aking gagawin, naipasiya ko.

Ngayon ay hindi ko na pinahihirapan ang aking sarili sa paninibugho. At, napatunayan ko nitong mga huling araw na hindi naman mapanganib ang kagandahan ng aking asawa. (X)

## Dambana...

(*Karugtong ng nasa p. 17*)

isa ka sa mga dapat naming kausapin.

—Ano'ng nilalakad ninyo at sino ang nagsabi sa inyong ako ang dapat n'yong kausapin? —Hayag na hindi pa rin makapaniwala si Ramon.

—'Yon nga ang pagusapan natin, 'Igan!

—'Yon nga, **Partner**. Malalaman mo ang lahat nang iyan... Tena.

Nag-iisip na napahakbang si Ramon. Sumunod siya sa dalawa na tuluytuloy na sumakay sa kanyang kotseng nakahimpil sa di-kalayuan sa pintuan ng bakuran ng pamantasan. Sa inanyong yaon ng dalawa ay nagtiim sa kanya ang isang hinala. Napaudlot siya sa pagsakay sa kanyang kotse.

—Bakit pati kotse ko'y kilala n'yo? —naiusig niya sa dalawang nangakasakay na.

—Wala nang maraming tanong, **Partner**! —mariing saway ng pangalawang nananalim na ang mga mata.

Si Ramon ay nagtangkang tumalikod dahil sa inanyo ng pangalawa. Nguni't nakita niyang nagbunot ang una.

—Huwag kang magkamali, —matatag na bala niyon habang itinatapat sa kanya ang kanyon ng hindi mailantad na rebolber. —Nakikiusap na sa iyo, ayaw mo pa. Halika na, sakay!

Hindi rin kumilos si Ramon, nag-aapoy ang mga matang natitigan niya ang dalawa, sa loob ng kanyang kotse.

Sumungaw ang tumatawag sa kanya ng **partner** sa bintanilya ng kotse at tinapik-tapik siya sa sikmura.

—Ikaw kasi, **Partner**, —aniyon na parang nangangaral kay Ramon. —Sinabi ko na sa iyong wala kaming tangkang masama, e... Tila hihiyain mo pa kami. Tena... Huwag mong intinhidin 'yang kasama ko. Talagang ganyan lang 'yan pag tila mapapahiya. Tena. Huwag kang matakot. Sagot kita, **Partner**.

—Bayaan mo, Tinoy! —marahas na sabad ng una. Humigpit ang pagkakapigil nito sa rebolber na patagong nakatuon pa rin kay Ramon. —Bayaan mong gawin ang kursunada niya. Baka may ambisyong magbilang ng butas sa katawan 'yan. Baka gustong matakpan ng diyaryo, e.

Lalong nanalim ang mga mata ni Ramon dahil sa sinabi ng naka-rebolber. Dahan-dahan niyang nakuyom ang kanyang nanginginig na mga kamao. Nagngalit ang kanyang mga bagang. At mula sa mukha ng nakikiramdam na de-rebolber ay gumapang sa hawak nito ang kanyang tingin. Pagkuwa'y gumalaw ang kanyang mga kamay. Binuksan niya ang pintong pang-unahan ng kotse at siya'y sumakay. Ilang saglit pa'y buhay na ang makina ng kotse.

—Ikaw lang, Karyas, e, dinadaan mo sa init ng ulo. —Narinig ni Ramong sabi ng tumatawag sa kanya ng **Partner**. —Tingnan mo, di sumakay din siya.

—Pasalamat kayo't takot akong masangkot sa iskandalo. —Basag ang tinig na wika ni Ramon. —Kungdi'y nagkasubukan sana tayo.

—Tama na, 'Igan... Sige, paandarin mo na 'yang kotse natin. Naiinip na kami.

Ang kotse'y gumalaw. Pabugsu-bugsong umatras at umabante iyon sa paglabas sa bakuran ng pamantasan. Halos magkaumpug-umpog ang dalawa na magkatabi sa mga panghuling upuan.

—**Easy** ka lang, **Partner**, Pag nasaktan ako rito'y makikita mo.

—Pasensiya na kayo!

At pinasibad ni Ramon ang kotse. Nagngangalit wari ang makina ng kotse sa mga paghintu-hinto dahil sa kasikipan ng trapiko. Waring nagbabadya ng paghihimagsik ng kalooban ni Ramon.

—Utang na loob 'Igan, huwag pati 'yang kotse ay pinag-aalma mo.

—**Partner**, pag may nakahalata sa amin ay matotodas ka. **Simple** lang ang istrok. Tipong artista ka pa naman, di mo paghusayin ang arte. Kunwari'y mga kaibigan mo kami.

Nguni't hindi pinansin ni Ramon ang mga na sa likuran niya. Nang makalabas na sila sa kasikipan ng trapiko'y nananalim pa rin ang mga matang tiningnan niya ang mga iyon sa pamamagitan ng **rear-glass.**

—Sa'n n'yo gustong magkausap, tayo? —tanong niya.

—Kami ang nakaaalam, 'Igan. Sige, basta patakbuhin mo'ng kotse...

—Siyanga, **Partner**. Bayaan mo't sasabihin namin sa iyo kung saan tayo mag-uusap.

Nang sumapit sila sa pook na hindi na matao ay naramdaman ni Ramon ang biglang pagtutuon sa likod niya ng kanyon ng rebolber.

—Ngayon, 'Igan, ay kailangang sumunod ka sa bawa't sasabihin ko.

At sa bawa't kantong maraanan nila'y nagutos ang de-rebolber: —**mano... silya... mano... mano... silya... mano...**

Nagngangalit ang mga bagang na ikinanan-ikinaliwa ni Ramon ang katse. Na sa labas na sila ng Maynila. Ang kalsadang binabagtas nila'y nababaybayan ng malagong talahib.

—Itigil mo d'yan, 'Igan.

Nang maihinto ni Ramon ang kotse'y naramdaman niyang nawala ang pagkakatuon ng rebolber sa kanyang likod. Pumalit ang matitigas ng kamay ng tumatawag sa kanya ng **Partner.** Itinulak siya nito. —Sige, baba! —ang marahas na utos.

Hindi na nakapagpigil si Ramon. Bigla siyang nagbaling at sinikwat ng kanan ang nagtulak sa kanya. Nguni't mabilis iyon. Nakailag at nakaganti. Isang pabayong suntok ang pinadapo niyon sa kanyang batok.

Saglit na pinagdimlan si Ramon at nang magkamalay siya'y nailabas na siya ng dalawa sa kotse.

—**Easy** ka lang Karyas. Kabilin-bilinan ng **Boss** na huwag natin siyang uutasin.

Sa narinig na yaon ay nag-ibayo ang lakas ng loob ni Ramon. Dinaluhong niya ang dalawa. At maraming mabibigat na kamay ang dumapo sa kanya. **(Itutuloy)**

Tunay bang pinangangalagaan ang inyong kagandahan ng sabong ginagamit ninyo sa kasalukuyan?

# fresco

DEODORANT BEAUTY SOAP

NA MAY **ARODIN**



## nakasusugpo sa amoy-pawis pinagaganda ang inyong kutis!



Ang Arodin sa Fresco beauty soap ay nakapapawi ng mga mikrobyong naiiwan sa inyong kutis ng mga karaniwang sabon. Ang mga mikrobyong ito ang nagiging sanhi ng amoy-pawis... at maaaring pagmulan ng mga mantsa sa balat.



Ang Fresco beauty soap ay pinananatili kayong higit na kaibig-ibig sa dalawang paraan: Ipinagsasanggalang kayo laban sa amoy-pawis, pinangangalagaan ang inyong kutis! Ang mayumi at kulay-rosas na Fresco ay may kahali-halinang bango.

Ang mga di-nakikitang mikrobyo ay nagiging sanhi ng amoy-pawis. Pinupuksa ng Arodin sa Fresco ang mga mikrobyong ito. Itoy isang ganap na mabisa nguni't banayad na deodorante






*fresco* kahalaga lamang ng mga karaniwang sabong pampaganda!

Copyright PMC 1956